“SIYASIG NG TESIS” PAGSIPAT SA KAHANDAAN NG MGA GURONG DI-MASTERADO SA PAGTAHAK SA MUNDO NG PAGTUTURO NG PANANALIKSIK

MARICEL N. TORRES
Researcher

Master of Arts in Education
Major in Filipino

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kuwalitatibong pamamaraan. Isinagawa ang malalim at mabusising pagsisiyasat nang malaman ang kahandaan ng mga gurong di-masterado sa pagtuturo ng pananaliksik sa Senior High School, upang makabuo ng isang mungkahing modyul na makatutulong sa mga hakbang sa pagpapaunlad ng kakayahang pangguro. Nailarawan ang karanasan ng mga gurong di- masterado sa pagtuturo ng pananaliksik at mga mungkahing paraan upang mapagbuti at mapasigla ang pagtuturo ng mga guro sa pananaliksik.

Natuklasan sa ginawang pag-aaral ang kakulangan o kawalan ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo at pagbuo ng pananaliksik ng mga gurong di-masterado, ang pagiging neophyte o baguhan sa larang na itinuturo, ang hindi pagiging medyor ng kanilang asignaturang itinuturo, ang kadahupan ng mga mapaghahanguang batis, ang pagiging makapangyarihan ng wikang Ingles sa Filipino at maging ang kakulangan ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik ang mga nagsilbing suliranin o balakid sa kanilang pagtuturo. Gayundin, ang mga mungkahing paraan upang mapagbuti ang pagtuturo nila, sa tulong ng sariling pagpupunyagi gaya ng pagsangguni sa internet bilang malawak na lubluban ng mga impormasyon. Maaari ring magsiyasig at busugin ang sariling isip sa mga pangangailangan sa pagtuturo upang makaagapay sa mga makabagong aralin gaya ng pananaliksik sa pamamamagitan ng pagdalo sa mga palihan at worksyap na ibinibigay ng mga eksperto sa larangang ito.

Isinagawa ang pakikipanayam sa pamamagitan ng paggamit ng video recorder sa tulong ng dalawang bukas na katanungan. Ang lahat ng mga tuklas ay dumaan sa sumusunod na proseso: pagta-transkrayb ng mga bunga ng kwentuhan mula sa mga kalahok at pagtatakda ng koda. Ang mga kalahok ay mga gurong di- masterado na nagtuturo sa Senior High School sa mga pampublikong paaralan. Mula sa kanilang mga kasagutan ay nilimi at ikinoda upang makabuo ng mga tema upang masagutan ang mga layunin ng pag-aaral.

Mga susing salita: di-masterado, siyasig, tesis

PANIMULA

"Hindi natin nakikita na ang saliksik ay isang bagay na ginagamit natin sa araw-araw. Lahat ng problema natin sa ating buhay ay dapat sinasagot natin sa pamamagitan ng mahusay na saliksik."

Virgilio Almario, 2018

Sa mundo na punong- puno ng katanungan ang sangkatauhan, ang patuloy na pananaliksik ng tao upang mapabuti at mapaunlad ang paraan ng kaniyang pamumuhay ay naging kaakibat na ng mga siyentipiko at eksperto. Anumang mayroon ang tao ngayon sa kanyang kapaligiran ay bunga ng pananaliksik dahil sa pagnanais na mapadali ang paraan ng kanyang pamumuhay sa mundong kinabibilangan. Pangunahing naisin ng tao na magkaroon ng mabilis na pagbabago sa karaniwan niyang pamumuhay sa pamamagitan ng pagtatama o hindi man ay pagdaragdag ng mga bagay na lalong magpapabilis sa kaniyang pag-unlad. At ang pinakamabisang paraan upang ang lahat ng ito ay maisakatuparan ay ang pagsasagawa ng patuloy na pananaliksik.

Ayon kina Tuckman at Harper (2012), ang pananaliksik ay sistematikong pagtatangka upang magbigay kasagutan sa mga katanungan ng tao, na kung saan ang mga ebidensiya at katibayan ay magpapatotoo sa gawaing pananaliksik. Ang walang humpay na paghahanap sa katotohanan ay ang nag-uudyok din sa tao upang magsaliksik ng mga penomena na nakikita nito sa kanyang kapaligiran, na kung saan ang mga katibayan at ebidensiya ang magiging daan o solusyon sa umiiral na problema (Cohen, Manion & Morrison, 2002).

Binigyang pakahulugan naman ni Kothari (2004), ang pananaliksik bilang isang siyentipikong pag-iimbestiga at sistematikong pagtuklas ng mga impormasyon ukol sa tiyak na paksa. Ang suliraning ito ang susubukang hanapan ng kasagutan sa masistema, mabusisi at maayos na pamamaraan. Ang mga walang hanggang katanungan na bumabagabag sa isipan ng tao ang siyang nag-uudyok dito upang patuloy na mag-imbestiga ng mga umiiral na problema.

Sa pagdating ng makabagong teknolohiya, lalong naging masidhi ang pagsasagawa ng pananaliksik sa iba't ibang larangan. Pangunahing layunin kasi ng pananaliksik na mapaunlad ang kalidad ng pamumuhay ng tao. Kung kaya, naging magkakapit-kamay ang teknolohiya at mga paksang nais bigyan ng kalutasan na tutugunan ng pananaliksik upang makatulong sa pag-unlad (Jocson, 2016).

Sa kasalukuyan, patuloy ang pananaliksik sa iba't ibang larangan tulad ng agham at teknolohiya, negosyo at industriya, politika at ekonomiya maging sa edukasyon at akademiko. Sa larangan ng agham at teknolohiya, kung walang pananaliksik ay atrasado pa ring marahil ang paraan ng pamumuhay kung hindi

naimbento ang mga kagamitan tulad ng *washing machine, cellphone,* at *internet.* Gayundin ang pagsasagawa ng pananaliksik sa pagtatayo ng isang kumpanya ay isang mahalagang salik upang makita ang lalong ikaangat at ikagaganda ng takbo ng negosyo. Sa usaping politika at ekonomiya, walang hanggang pagtuklas sa pamamagitan ng pananaliksik ang isinasagawa ng mga eksperto upang lalong mapatatag ang ekonomiya at kalagayang pampulitika ng isang bansa. At higit sa lahat sa larangan ng edukasyon at akademiko, mahalaga ang pananaliksik upang maging matatag ang pundasyon ng karunungan sa isip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtuklas ng mga makabagong pamamaraan na lalong makakapagtibay sa kanilang pang-unawa sa kanilang mga lektura (Peña et al., 2016).

Samantala, binanggit nina Anderson at Arsenault (2005), na ang pananaliksiksik sa larangan ng edukasyon ay isang disiplina na naglalayong magtangka o sumubok na maghanap ng mga kasagutan at masolusyunan ang umiiral na problema sa pamamagitan ng pangangalap at pagsusuri ng mga datos upang mailarawan, maipaliwanag, at mapatotohanan ang isang penomena. Ang ganitong pahayag ay ipinagtibay rin ni Pathak (2008), sa kanyang librong *Methodology of Educational Research*, na ang pananaliksik ay paulit-ulit na pagmamasid ng penomena at walang katapusang pangangalap ng datos na magreresolba sa isang problema.

Binigyang-diin ni Whitty (2006), na sa pamamagitan ng mga pananaliksik ay matutugunan ang mga pangangailangan, mapabubuti ang mga umiiral na kalakaran at mga kinakailangang polisiya sa edukasyon. Bunsod nito ay maipababatid sa mga administrador ang mga kinakailangang pagbabago sa kurikulum, sistemang pang-edukasyon at iba pang mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral na makakatulong sa gawaing pagtuturo at pampagkatuto. Katunayan, ang pananaliksik na ginagawa sa paaralan ay magbibigay kasagutan sa mga "*gap"* o puwang sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pangangalap ng mga kongkretong datos ay masusuri ang mga kinakailangang interbersyon at inobasyon upang magamit sa loob ng klasrum, (Adler & Sfard, 2016).

Dagdag pa ni Norton (2009), na napakalinaw ng kahalagahan ng pananaliksik sa edukasyon dahil sa pamamagitan nito ay magiging maayos ang kalagayan at karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan, at mapabuti ng guro ang kanyang kakayahan sa kanilang pagtuturo.

Sa paglipas ng mga taon namayagpag ang gampanin ng pananaliksik sa edukasyon. Katunayan nito ay ang mga pagbabagong ginawa upang lalong mapataas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Kabilang dito ang mga ulat tulad ng *NCEE* na nagiging batayan tungo sa reporma sa kurikulum, pagbuo ng mga

bagong pamantayan, pagtuklas ng mga bagong teknik at pedagohiyang magagamit sa pagtuturo, at tulong teknikal na kinakailangan ng guro (Gitlkin & Hadden, 2005).

Ayon kina Feldman, Divoll, at Rogan-Klyve (2013), ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pananaliksik ay nakatutulong upang sila ay matuto sa kanilang mga karanasan habang sila ay nagsasagawa nito. Bilang baguhan sa larangang ito, sila ay natututo ng mga metodolohiya at kasanayan sa kung paano magsagawa ng lehitimo at siyentipikong pag-aaral na nagreresulta ng awtentikong pagkatuto.

Pinatunayan din nina Weinberg, Trott, at Sample McMeeking (2018), na malaki ang kapakinabangan ng pananaliksik sa mga mag-aaral sa natatanging paraan. Sa pamamagitan ng makabagong karanasan ay nakikita nila ng kahalagahan ng kanilang pag-aaral sa lipunan, na nagiging daan upang palakasin ang kanilang akademikong pag-aaral, at lalong magsikap sa kanilang napiling larangan. Nakakatulong din ang pananaliksik sa mga mag-aaral na magkaroon ng isang masusi, detalyado at sistematikong pag-aaral mula sa isang umiiral na problema sa kalakaran ng edukasyon.

Kung gayon, napakalinaw ng kahalagahan ng pananaliksik sa edukasyon dahil sa pamamagitan nito ay magiging maayos ang kalagayan at karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan, at napapabuti ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagtuturo (Norton, 2009).

Sa mga nakalipas na panahon, ang pagkakaroon ng mahusay, de-kalidad at epektibong guro ay nanatiling pokus ng reporma sa edukasyon. Ang mahusay na guro ay nararapat na maging bukas sa mga pagbabagong nagaganap na kanyang kinakaharap na makakatulong upang lalong maragdagan ang kahusayan, kaaalaman at pagkakaroon ng magandang disposiyon tungo sa ikauunlad ng paaralan (Liu & Johnson, 2006).

Kaugnay nito, sa mabilis na pagbabago ng sistemang pang-edukasyon partikular dito sa Pilipinas, inilunsad ng pamahalaan ang K to12 Kurikulum, na pinagtibay ng Batas Pambansa Bilang 10533 o "*Enhanced Basic Education Act of 2013"* at nilagdaan ng dating Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III, nakapaloob sa Seksyon 4 ang pagdaragdag ng dalawang taon sa Senior High School at sa Seksyon 5 *Pagbubuo ng Kurikulum.* Ang kurikulum ay kinakailangang nakasentro sa pangangailangan ng mag-aaral, mapagsangkot at angkop sa antas ng pag-unlad, kinakailangang makabuluhan, tumutugon at batay sa pananaliksik, sensitibo sa kultura, kinakailangang isakonteksto at pandaigdigan, at gumagamit ng mga pandulog na pedagohikong mapagbuo, batay sa pagsisiyasat, mapagmuni, nakikilahok at mapambuod.

Kabilang sa *Senior High School* bilang *core subjects* sa Filipino ang "Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino" at "Pagbasa at

Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik" na may pamantayang pagganap na nakasusulat ang mag-aaral ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa. Kaugnay nito, nakasaad sa Seksyon 7 ang puspusang pagsasanay at pagtuturo sa mga guro upang maituro nang maayos ang mga bagong asignaturang ito sa mga mag-aaral.

Dahil dito, isa sa napalaking pagbabago at hamon sa mga guro sa *Senior High School* ay ang pagtuturo ng pananaliksik lalo na sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, partikular na ang mga hindi nakapagtapos ng kanilang masterado sa paaralang gradwado. Dagdag pa rito, bago pa lamang ang larangan ng pananaliksik sa Pilipinas at hindi pa tuluyang pumapaloob sa sitema ng pagkatao ng mga Pilipino lalo na ang mga nasa akademya. At sa mga bansang gaya ng Pilipinas na nanatiling dahop, bansot at nakaasa sa kanluraning kaalaman, nanatiling malaking hamon para sa mga Pilipinong iskolar at mananaliksik ang pagbuo ng kalinangan sa "pananaliksik" na nag-uugat at ginagabayan ng sariling karanasan (Batnag & De Laza, 2016).

Pinatotohanan din ni Virgilio Almario, Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan, sa kanyang Ulat sa Estado ng Wikang Pambansa (2018) ang madilim na katotohanan na karamihan ng mga saliksik ngayon sa Pilipinas ay nasa Ingles, mahina ang mga alagad ng Filipino, lalo na ang mga guro, sa siyentipikong saliksik, at hindi nailalahok ang halaga ng saliksik sa pagtuturo sa batayang edukasyon. Binanggit niya ang kakulangan ng mga paaralang normal na nagsasanay ng mga guro sa siyentipikong pagsusuri at metodolohiya ng saliksik. Gayon din ang kakapusan sa mga aklat sa agham at gawaing teknikal na nakasulat sa Filipino.

Binigyang-diin din nina Almario et al. (2016), na ang guro ang dapat maging pangunahing modelo. Mahalagang nakikita ng mga bata na ang guro mismo, bilang tagapagsaliksik, ay maingat at mapanuri sa pagkalap ng impormasyon, may sistemang sinusunod sa pananaliksik, at alam ang mga mahusay na batis at sangguniang maaaring gamitin.

Subalit, sa kabigatan ng mga aralin sa bagong kurikulum partikular sa Filipino kung saan ibinaba mula sa kolehiyo ang mga asignaturang ito, tila isang dagok sa karanasan ng mga guro ang magturo ng pananaliksik lalo na yaong mga hindi pa naranasan ang magsagawa nito, lalo na ang mga gurong hindi pa nakapagtapos ng kanilang masterado sa paaralang gradwado. Isang katotohanan lalo na sa kasalukuyan na hindi lahat ng guro ay nakaranas ng paggawa ng pananaliksik nang sila ay nag-aaral pa kung kaya ang pagpasok sa paaralang gradwado ang nagiging panimulang hakbang sa pagbubukas ng kanilang pinto sa mundo ng pananaliksik.

Maliban sa mga nabanggit, ang paggawa at pagtuturo ng pananaliksik ay dalawang magkaibang bagay subalit kapwa nangangailangan ng ganap na

pagsasanay. Kung kaya pangunahing katangiang dapat taglayin ng mga pumapaloob sa gawaing ito ay magkaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan sa larangang ito. Ayon kay Kline (2008), sa pagtuturo ng pananaliksik ay nakaangla rin ang mga paksang susulatin, estatistika, paraan ng pagsulat at pagbuo ng manuscript, paghahanap ng kaugnay na literatura, pangangalap at interpretasyon ng mga datos na kinakailangan ganap na maituro sa mga mag-aaral.

Binigyang diin nina Lardizabal, Bustos, Bucu, at Tiangco (1996), na ang epektibong pagtuturo ay makapangyarihan lamang kung kumikilos ang mga guro batay sa pag-unlad din ng kanais-nais na personalidad ng kanilang mag-aaral. Ayon nga sa isang kasabihan, "hindi maaaring akayin ng isang bulag ang kanyang kapwa bulag" gayundin, "hindi kailanman maibabahagi sa iba ang kung anumang wala sa iyo".

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang kahandaan ng mga gurong di-masterado sa pagtuturo ng pananaliksik sa *Senior High School* upang makabuo ng isang mungkahing modyul na makatutulong sa mga hakbang sa pagpapaunlad ng kakayahang pangguro. Nilalayon din nitong matugunan ang mga sumusunod na tiyak na layunin: (1) mailalarawan ang karanasan ng mga gurong di- masterado sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino; (2) matukoy ang mga mungkahing paraan upang mapagbuti, mapasigla ang pagtuturo ng mga guro ng pananaliksik sa Filipino.

Itinuturing na napakahalaga ng pag-aaral na ito dahil sa may kapakinabangan ito sa mga sumusunod: sa mga guro, upang maiangat ang kalidad ng kanilang pagtuturo lalo na sa pananaliksik. Sa mga mag-aaral, upang maging kapaki-pakinabang at kawili-wili ang mga gawaing pampagkatuto. Sa pamunuan ng mga paaralan, sa pamamagitan nito ay makagawa sila ng mga mahahalagang hakbang upang maibigay ang mga pangangailangan ng mga guro at ng mga mag-aaral tungo sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. Sa DepEd, upang lalong palakasin ang sistemang pang-edukasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga kapaki-pakinabang na gawain tungo sa pagpapalawak, pagpapalalim at pagtataas ng kalidad ng pagtuturo ng mga guro.

Saklaw ng pag-aaral na ito ang mga gurong di-masterado na nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino sa *Senior High School* sa mga pampublikong paaralan. Nilimitahan ito sa mga piling gurong nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino sa *Senior High School* mula sa siyam na paaralang pampubliko sa Sangay ng Pampanga.

Upang higit na maunawaan ang mga pahayag sa pananaliksik na ito, sinikap na mabigyang-linaw ang sumusunod na termino sa pamamagitan ng konseptuwal at operasyunal na pagbibigay-kahulugan:

Di-masterado- mga gurong di pa nakapagtapos ng digring masterado sa kanilang larang

Siyasig- nangangahulugang mabusising pag- iimbestiga at pananaliksik

Tesis – ang mismong pananaliksik at umiiral na problema

PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kuwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ayon kay De Laza at Batnag (2016), ang kuwalitatibong pamamaraan ay labis na personal sapagkat ninanais nito ng malalimang unawain ang pag-uugali, katangian ng pakikipagrelasyon at partikular na ugnayan ng mga kalahok ukol sa paksa. Layunin nitong magpakita nang malinaw at detalyadong karanasan ng tao. Ginamit din ang disenyong deskriptib-analitik upang mabisang mailahad ang mga tuklas at posibleng pag-iral ng mga elementong nakakaapekto sa suliranin ng pananaliksik na ito. Deskriptibo sapagkat sinikap mailarawan ang mga karanasan ng mga gurong di-masterado sa pagtuturo ng pananaliksik at analitik naman dahil binusising mabuti ang mga tuklas upang humantong sa makatwirang paglalahad.

Samantala, ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng labingwalong (18) gurong di-masterado na nagtuturo sa *Senior High School* sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng Pampanga. Itinuturing na higit na makatotohanan ang kinalabasan ng pag-aaral dahil mula sa kanilang tuwirang karanasan, hinango ang mga pinagbatayan ng ginawang pagsususuri.

Upang makuha ang pahintulot ng mga gurong naging kalahok sa pag-aaral ay kinuha ang pahintulot ng tagapamanihalang pansangay pati na ng kanilang mga punung-guro bago nakapagsimula sa pakikipanayam. Ang sadyang pamantayan sa pagpili sa mga guro ay kung sila ay nagtuturo ng pananaliksik sa *Senior High School* at hindi kinonsidera ang bilang ng taon ng karanasan sa pagtuturo, maging ng kanilang kasarian dahil nasa ikatlong taon pa lamang ang implementasyon ng *Senior High School.*

Panayam ang napiling maging instrumento ng pananaliksik na ito gamit ang *video-recording*. Subalit, kaiba sa likas na proseso sa pakikipanayam, ang mananaliksik ay hindi naghanda ng estrukturadong talatanungan, sa halip, bumuo lamang ng dalawang bukas na katanungan, na binalangkas at pinagkasunduan ng mga eksperto, bilang giya ng panayam. Una ay ang pagkukuwento ng kanilang natatanging karanasan (kaaya-aya man o hindi) bilang guro *sa Senior High School* antas 11 at 12 sa pagtuturo ng pananaliksik. At ikalawa, ang mga interbensyon o pag-aangkop na kanilang ginawa upang mapabuti ang kanilang pagtuturo sa pananaliksik.

At sa huli, ang lahat ng mga tuklas ay dumaan sa sumusunod na proseso: pagta-transkrayb ng mga bunga ng kwentuhan mula sa mga kalahok at pagtatakda ng koda (SHF o Senior High Filipino) upang mapanatiling kumpidensyal ang kanilang mga naging pahayag. Matapos nito ay pinagsama ang mga magkakaugnay na pahayag upang makabuo ng mga koda. Nakatulong nang malaki ang paggamit ng iba't ibang kulay sa transkrip na mga sagot upang mapadali sa mananaliksik ang paghahanay ng mga magkakatulad na paksa at kategorya. Nabuo ang mga kategorya gamit ang mga magkakahawig na mga susing salita mula sa mga kalahok ng pag-aaral at sa paglalagom ng mga ito ay nabuo ang dalawang tema ng hamon o suliranin sa pagtuturo at mga interbensyon/solusyon ng mga kalahok sa pag-aaral.

Ang mga kategorya at temang nabuo ay dumaan sa masusing pagsisiyasat ng mga ekspertong tagamasid na nagtuturo ng Filipino at lehitimong nakakaalam sa pananaliksik (kalakip sa apendiks) bago pumaimbulog ang mananaliksik sa proseso ng muling pagsusuri at pagbabalak sa mga sumusunod na bahagi ng pag-aaral. Bilang pagpapatunay narito ang ilang bahagi ng ginawang proseso sa pag-aanalisa ng katugunan ng mga kalahok, pagkokoda, pagkakategorya at pagbuo ng tema.

MGA KATANUNGAN SA PANAYAM	**MGA TUGON**	**KODA**	**KATEGORYA**	**TEMA**
1. Maaari po ba kayong magsalaysay ng inyong mga naging karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino?	*Sa loob po ng apat na taon po akong nagtuturo ng Filipino, isa po sa mga naging karanasan yung sa pananaliksik, kailangan pokus ka po at may sapat na kaalaman at background yung ituturo mong subject matter.Mahirap po kasi kapag di mo talaga siya alam, so kinakailangang pag-aaralan mo muna siya.* *SHF1*	*- Mahirap po kasi kapag di mo talaga siya alam, so kinakailangang pag-aaralan mo muna siya.*	Kaalaman at Kasanayan: Mahalagang Pundasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto	Mga Hamon o Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik
2. Ano- anong interbensyon at pag- aangkop ang inyong ginawa upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik sa Filipino?	*So ang ginagawa ko po ay nagreresearch po ako ng mga intervention para po mas maintindihan po nila, ah internet po ganoon po, video presentation po kasi ang mga bata ngayon mas gusto po nila yung audio-visual,*	*-Nagreresearch po ako ng mga intervention para po mas maintindihan po nila, ah internet po ganoon po, video presentation po kasi ang mga bata ngayon mas gusto po nila yung audio-*	Mundo ng Internet: Lubluban ng Masaganang Batis ng Impormasyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik	Mga Interbensyon/ Solusyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik

	may nakikita at the same time naririnig. SHF1	*visual, may nakikita at the same time naririnig*		

Pagkatapos ng masusi at mabusising pagsipat sa mga naging tugon ng mga kalahok, sinimulang balangkasin ang mungkahing modyul sa pagtuturo ng panimulang pananaliksik. Upang matiyak ang kaangkupan, kaayusan at kabisaan ng modyul, dumaan sa balidasyon at paggabay ng mga piling eksperto sa pagtuturo ng pananaliksik at ng mga batikan sa pagtuturo ng Filipino sa Sangay ng Pampanga. Isinagawa ang balangkas ng pagkakaugnayan sa nilalaman upang maiangkla ang mga bahagi ng tesis at modyul sa panimulang pagtuturo ng pananaliksik.

MGA NATUKLASAN

Karanasan ng mg Gurong Di-Masterado sa Pagtuturo ng Pananaliksik

Iba't iba ang mga karanasan ng mga gurong di-masterado sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Ayon sa kanila, ang naging mga **suliranin o hamon sa pagtuturo** nila ay ang mga sumusunod: kakulangan at/o kawalan ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo at pagbuo ng pananaliksik, ang pagiging *neophyte* o baguhan sa larang na itinuturo, ang hindi pagiging medyor ng kanilang asignaturang itinuturo, ang kadahupan ng mga mapaghahanguang batis, ang pagiging makapangyarihan ng wikang Ingles sa Filipino at maging ang kakulangan ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik

Kaalaman at Kasanayan: Mahalagang Pundasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto

Natuklasan sa isinagawang pag-aaral na may iba't ibang mahahalagang karunungang (*wisdom*) napapagtanto ang anim na gurong kahalok sa buong panahon ng kanilang pagtuturo ng asignaturang pananaliksik. Una sa mga ito ay kinakailangan na ang isang guro ng pananaliksik ay magtaglay ng sapat na kaalaman sa kung papaano mismo ginagawa ang pananaliksik. Ito ay magdadala sa isang guro ng pananaliksik upang mapadali ang kanyang pagtuturo at maiwasan ang mga posibleng hirap na maaari niyang maranasan sa pagbabahagi nito sa kanyang mga mag-aaral.

Pagiging Baguhang Guro at Kakulangan ng Kadalubhasaan sa Larang: Balakid sa Pagsasalin ng Kaalaman

Napagtanto rin ng siyam na gurong kalahok na ang pagiging baguhan sa pagtuturo bilang isang guro ay sadyang mahirap. At lalo pang mahirap kung ang ituturo ay isang asignatura na sila mismo ay hindi pa naranasan ang magsagawa niyon gaya ng pananaliksik.

Pagtawid sa Di-Linyang Larang: Krus na Harang sa Pagtuturo

Nabanggit din ng anim na mga gurong kalahok na nagiging kalbaryo sa mga ito ang pagtuturo ng pananaliksik dahil bukod sa mahirap itong asignatura ay lalo pang nitong pinapahirap ang hindi nila linya o medyor ang Filipino.

Kadahupan ng Daluyang Batis: Kritikal na Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik

Dagdag pa ng labing-isang gurong kalahok, na isa rin sa kanilang mabigat na karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik ay ang kakulangan ng mga sorses o hanguan ng impormasyon o datos na maaaring makatulong sa kanila upang mabisa nila itong maituro sa kanilang mga mag-aaral.

Kapangyarihan ng Wikang Ingles sa Filipino: Bansot na Bokabularyong Taglay sa Korpus ng Wikang Filipino sa Pananaliksik

Nabanggit din ng anim na mga kalahok na nagiging suliranin din **ang mga terminolohiyang ginagamit sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino**. Naihambing din na di-gaya sa wikang Ingles na mayaman sa mga bokabularyong magagamit dahil karaniwan na ang paggawa ng pananaliksik ng mga lahing ito.

Kawalan ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Maka-Agham na Pananaliksik

At panghuli, dagdag ding suliranin upang maituro nang maayos ng mga gurong kalahok ang pananaliksik sa Filipino ay **ang mga mag-aaral mismo**. Walong guro ang nagpahayag na **ang kakulangan o kawalan ng karanasan** sa paggawa ng pananaliksik at ang **pagkakaroon ng mga ito ng negatibong pagtingin sa pananaliksik** ay dagdag pasakit sa kanila bukod pa sa mismong silang nagtuturo ay wala o kulang din sa ganitong aspeto.

Mga Mungkahing Solusyon/Interbensyon Upang Mapagbuti at Mapasigla ang Pagtuturo ng mga Guro ng Pananaliksik sa Filipino

Sa kabila ng mga di kaaya-ayang karanasan ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino, sinikap pa rin nilang maisakatuparan ang kanilang tungkulin bilang tagapaghatid ng kaalaman sa kanilang mga tinuturuan. Ilan sa mga ito ay sa pamamagitan ng pagtatangkang makapagsagawa ng mga interbensyon o pag-aangkop upang masolusyunan ang mga balakid na kanilang nakakasalubong sa daan ng pagtuturo nito. Anila, makatutulong ang pagsangguni sa internet, pakikipag-usap sa mga dalubhasa at pagdalo sa mga gawaing makapagpapataas at makapagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng pananaliksik.

Mundo ng Internet: Lubluban ng Masaganang Batis ng Impormasyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik

Isa sa malimit gawin ng mga gurong kalahok ay ang sumangguni sa pinakamadaling mapagkukunan ng batis ng impormasyon – ang internet. Pito ang nagsabi na ang internet ang nagsisilbing lubluban ng mga hitik na impormasyon mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ito ang naging imbakan ng mga mananaliksik upang makita ng mga tao at kapwa mananaliksik ang bunga ng kanilang pagpapagal nang matugunan ang patuloy na pangangailangan ng tao sa kaniyang lipunang ginagalawan.

Mga Eksperto sa Pagsisiyasig: Yaman sa Pagpapalawig ng Pintuang-Daan ng Pagsisiyasat

Maliban sa internet, siyam sa mga gurong kalahok ay lumalapit sa mga taong awtoridad o kapwa gurong may taglay na kaalaman at kasanayan sa paggawa ng pananaliksik. Sila ay pumapaloob sa tinatawag na "*peer-coaching*" upang matiyak na tama ang itinuturo at daan upang mapaunlad ang kanilang pagtuturo.

Dating Iskema, Libro, at Palihan: Epektibong Metodo sa Pagreresolba ng Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik

Bukod sa mga nabanggit na pag-aangkop na ginawa ng anim na mga gurong kalahok, naging tuntungang-bato rin daw nila ang mga dating alam o natutuhan (kakaunti man kung iturin) mula sa pag-aaral, mga pertinenteng impormasyon sa mga aklat-pananaliksik at maging ang mga palihang dinaluhan upang maitulay sa kanilang mga mag-aaral ang pagtuturo ng pananaliksik.

Bilang paglalahat, ang kakulangan ng matatag na pundasyon ng kaalaman at kasanayan ng mga gurong di-masterado ay isa sa mga maraming hirap na nararanasan ng mga ito sa kanilang pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino sa kasalukuyan. Ang ganitong sitwasyon ay maiuugnay sa pagiging *neophyte* din ng mga ito sa pagtuturo lalo sa sa asignaturang pananaliksik. Nagiging pasanin din ng mga guro ang pagtuturo ng kursong lubhang malayo sa kanilang larang na tinapos. Gayundin, malaking balakid ang kadahupan ng mga materyales o sorses na maaaring maging daluyang batis ng impormasyon lalo pa't hindi man tuwirang sinasabi ay tila gahum o higit ang kapangyarihan ng Ingles sa Filipino sa kadahilanang halos lahat ng mga materyales o sorses ay nasa wikang Ingles. At higit sa lahat, nagiging krus din sa balikat ng mga guro ang mismong mga mag-aaral na kung hindi man kulang ay sadyang walang karanasan sa makaagham na pananaliksik.

Samantala, ayon sa mga gurong di masterado, maaaring malunasan ang ganitong mga suliranin sa tulong ng sariling pagpupunyagi gaya ng pagsangguni sa internet bilang malawak na lubluban ng mga impormasyon. Maaari ring magsiyasig at busugin ang sariling isip sa mga pangangailangan sa pagtuturo upang makaagapay sa mga makabagong aralin gaya ng pananaliksik sa pamamamagitan ng pagdalo sa mga palihan at worksyap na ibinibigay ng mga ekperto sa larangang ito.

PAGTALAKAY

Sa bahaging ito ay matutunghayan ang puspusang pagpapaliwanag at pagbibigay-kahulugan sa mga natuklasan sa isinagawang pangangalap ng mga datos at impormasyon. Dito rin masusing iuugnay ang mga kalapat na pag-aaral at literatura sa mga natuklasan upang lalong maging makabuluhan ang pagtalakay. Ang mga bagong insayts o mga kongklusyon, gayundin ang mga mungkahing ipinapalagay na makatutulong sa lalong ikasusulong ng kaalaman ay itatampok din sa bahaging ito.

Sa muling pagbabalik sa mga natuklasan sa pananaliksik na ito, pangunahing hinaing ng mga gurong di-masterado sa kanilang karanasan sa pagtuturo sa Filipino ay ang kawalan o kakulangan nila ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng pananaliksik. Ayon sa isang kasabihan sa Latin "NEMO DAT QUOD NON HABET" na sa salin sa Ingles ay "You cannot give what you do not have". Maaari rin itong ihayag sa larangan ng pagtuturo gaya ng "you cannot teach what you do not know". Isang malinaw na katotohanan ang kasabihang ito na maiuugnay sa nararanasan ng mga gurong di-masterado na nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Ang ganitong kalagayan ay tunay na nakababahala lalo pa't bilang guro ay inaasahang mahuhubog sa kamay nito ang isip ng isang mag-aaral. Kung kaya, marapat lamang na magtaglay ang isang guro di lamang ng sapat kundi busog na kaalaman at kasanayan sa kanyang araling itinuturo.

Ayon kina Ngugi at Thinguri (2014), isang mahigpit na pangangailangan na bihasa ang isang guro sa kanyang araling itinuturo. Kapag nauunawaan ng guro ang araling kanyang itinuturo, ito ang magdadala sa kanya upang tiyak na maibabahagi niya nang tama ang mga kaalaman /impormasyon sa kanyang mga tinuturuan. Sa pamamagitan din ng pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan ng guro sa araling itinuturo, mapadadali ang pagpapakahulugan nito sa mga konseptong itinuturo gayundin, magsisilbi itong daan upang maitama ang mga maling kuru-kuro ng mga mag-aaral tungkol sa aralin.

Ngunit, tila isang kabalintunaan ang sabihing guro siya, tagapagbahagi ng kaalaman, kung siya mismo ay walang alam sa dapat na ibahaging kaalaman sa kanyang mga mag-aaral. Sabi nga ng mga matatanda,"hindi maaaring akayin ng isang bulag ang isa pang bulag".

Bilang guro, inaasahan na lahat ng paraan ay gagawin upang mabisang mailipat nang tama ang mga mahahalagang kaalaman sa mga mag-aaral upang sa gayon, ang mag-aaral na ito ay magagamit ang mga kaalamang natamo upang maging kapakina-pakinabang na indibidwal sa kanyang lipunang ginagalawan. Malinaw na instrumento ang isang guro sa paghuhubog ng buong pagkatao ng isang mag-aaral sa aspetong kognitibo, pandamdamin at saykomotor man. Kaya, napakahalaga na magtaglay ito ng hindi lamang sapat kundi maraming kaalaman at kasanayan sa pagbabahagi sa mga ito.

Ang kasalukuyang nararanasan ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik at ang kakulangan ng kanilang kaalaman at kasanayan sa kanilang paksang itinuturo ay tunay na nakababahala.

Kaya inihayag ni Fakeye (2012), na ang kaalaman sa paksa ng isang guro ay nakakatulong upang lalong higit na maintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin, mababakas ang kahandaan ng guro sa mga talakayan sa kanyang kilos o gawi. Ang abilidad ng guro na maipasa/maibahagi ang kanyang kaalaman sa mga mag-aaral nang buong husay at magamit ito ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na buhay ay tunay na napakahalaga dahil nakasalalay rito kung may isang baguntao na uusbong o susulong sa kanyang pamumuhay.

Dahil dito, napakalaki ng gampanin ng isang guro sa loob ng klasrum, ang kanyang kakayahang makaimpluwensiya sa gawi at kilos ng mga bata. Ang pagiging modelo at huwaran sa larangan ng pagtuturo ay siyang magiging daan upang maging ganap ang pampagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayundin, binigyang-diin nina Mishra at Koehler (2006), mula sa unang pag-aaral ni Shulman 1986, na mahalagang may malawak na kaalaman sa paksa at naiintindihang mabuti ng guro ang kanyang itinuturo. Kasama na rito ang mga iba't ibang konsepto, teorya at pedagohiya sa kanyang piling larangan, nang sa gayon ay mapalawak ng guro ang mga talakayan at aralin.

Bunsod nito, ang mga iba't ibang estratehiya ay makakatulong nang malaki sa guro upang ang bawat talakay ay maging kasiya-siya at magaan sa parte ng mag-aaral. Isang malaking hamon sa mga guro ang kakayahang mapadali ang mga aralin lalo na sa gawaing pananaliksik, kaya marapat lamang na malalim ang balon ng kaalaman ng guro sa pagtuturo nito. Ang malabnaw na talakay ay magreresulta ng kalituhan at agam-agam sa parte ng mga mag-aaral.

Dagdag pa nina Adediwura at Tayo (2007), ang malalim at malawak na kaalaman ng guro sa kanyang itinuturo ay may malaking epekto sa akademikong pampagkatuto ng mga mag-aaral. Bunsod nito, napapalawig ng guro ang talakay, nakakapagbigay ng mga totoong sitwasyon at nakapagbibigay ng mga konkretong halimbawa na tumatatak at tumitimo sa isipan ng mga bata.

Malaking tulong sa pagtuturo kung nakapagbibigay ang guro ng mga sitwasyon at mga konkretong halimbawa sa mga mag-aaral na maiiugnay nila sa kanilang mga interes at karanasan. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay mas lalong nagiging interesado at napupukaw ang kanilang tuon sa paksang tinatalakay.

Dagdag pa ni Belvez (2000), ang isang guro ay kailangang bukas sa mga pagbabago sa kanyang paligid na may tuwirang kinalaman sa pagpapaunlad ng kanyang pagtuturo. Kinakailangan ng isang guro ang patuloy na pagtuklas sa bago at bagong kalakaran sa pagtuturo na makatutulong sa pagpapabuti ng pag-aaral.

Ayon pa rin dito, gaano man katalino ang guro kung hindi naman ito nagdaragdag ng kaalaman dahil sa pag-aakalang sapat na ang mga dati niyang mga natutuhan, darating ang panahon na hindi na kapani-paniwala ang kanyang mga itinuturo. Wika nga ay nakalipasan na ng panahon. Kailangan ng isang guro ang patuloy na pagsasaliksik, pagbabasa ng mga propesyunal na aklat at magasin, ang pagdalo sa mga seminar para sa mga bagong kalakaran ng pagtuturo at ang muling pag-aaral kung panahon ng bakasyon.

Samakatuwid, nakasalalay sa pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa pagsasalin ng mga ito ang isang guro upang tiyak na mahuhubog nang buo ang pagkatao ng isang mag-aaral.

Dahil dito, iminumungkahi sa mga guro na kung maaari ay magsagawa ng sariling pagsisikap upang mapunan ang sarili ng mga mahahalagang kaalaman tungkol sa araling itinuturo tulad ng mga seminar/worksyap at mga kaugnay na pagsasanay na magpapabusog ng kanilang isipan. Ito ang magtitiyak sa kanilang layunin na maging instrumento ng pagkahubog ng isang matalino, makatao at aktibong indibidwal sa lipunan.

Samantala, naging isang napakalaking hamon din ang pagiging baguhang guro at kakulangan ng kadalubhasaan sa larang na tinapos ng mga gurong kalahok. Ang ganitong bagay ayon sa kanila ay tila naging balakid din sa pagsasalin nila ng kaalaman sa mga mag-aaral lalo pa't ang araling itinuturo kundi man sadyang wala pa ay kulang ang kanilang karanasan sa pagtuturo nito, ang araling pananaliksik. Isang katotohanan na lahat ng bagay sa mundo ay nagsimula raw sa wala. Gayundin, lahat ng kaalaman ng tao na kanyang natutuhan ay may simula. Kung kaya, sa pagdaan ng panahon, ang mga kaalamang ito ay kanyang pinapanday sa tulong ng kanyang kapaligiran. Madalas na sabihin ng mga matatanda maging ng mga eksperto sa anumang gawain ang ganito, "karanasan ang nagpapabusog ng damdamin at isipan". Kaugnay nito, sinasabi rin na "walang kaalaman na nagsisimula sa tiyan" na ang ibig sabihin, lahat ng bagay ay natutuhan dulot ng karanasan na pinahihinog ng panahon.

Iniugnay din nina Roehrig at Pressley (2005), ang kasabihang "*Baptism by Fire"* sa larangan ng pagtuturo. Ang tinutukoy dito ay ang mga hirap, hamon at pagbabagong susuungin ng bagong guro sa pagtuturo, kabilang na rito ang pagtuturo ng mga asignaturang hindi pa halos alam ang konteksto at nilalaman katulad halimbawa ng pananaliksik. Hindi maiiwasang makaramdam ang guro ng pagkalunod sa malawak na dagat ng pagtuturo, lalo pa't bago lamang sa kanya ang asignaturang naiatang, ang pananaliksik sa Filipino.

Maliban dito, napatunayan din nina Fantilli at Mc Dougall (2009), ang kawalan ng malawak na karanasan sa pagtuturo ng mga guro ay nangangahulugang malaking dagok sa pampagkatuto ng mag-aaral. Ika nga "*experience is the best teacher".* Kailanman ay hindi matagumpay na maituturo ng isang guro ang isang kaalaman na siya mismo ay wala pang pagdanas sa pagsasagawa nito.

Tinukoy din nina Ingersoll at Smith (2004), na hindi maikakailang ang kawalan ng sapat na karanasan at kaalaman sa unang taon ng pagtuturo ay tunay na napakahirap. Sa panahon ding ito masusumpungan ng isang guro ang iba't ibang emosyon tulad halimbawa ng panlulupaypay lalo na't kung ang aralin ay sadyang bago sa kanya, ang kalungkutan dahil sa kanyang pagkabigong maituro kung ano ang nararapat para sa ikasusulong ng kaalaman, ang matinding pagod na pakiramdam (stress) dulot ng paghahanap ng mga dagdag na impormasyon at maaaring makaapekto sa pagbabahagi nito ng kaalaman sa kanyang mga tinuturuan.

Dagdag pa nila na kalbaryo sa pagtuturo ng guro ang kaibahan ng kanyang disiplina kung saan siya nagpakadalubhasa sa aktuwal na disiplinang kanyang itinuturo lalo na't nangyayari ito sa mga unang taon ng kanyang pagtuturo. Kung kaya, kadalasan, tila halos magkasabay lamang na nag-aaral at natututo ang guro at kanyang mga tinuturuan (Ingersoll & Smith, 2004).

Samantala, may mga guro naman na sa kalaunan ay nagagawang mabisa ang kanilang araling itinuturo kahit pa hindi nila ito pinagpakadalubhasaan. Ang paulit-ulit na pagtuturo ng mga aralin ay nagiging daan upang maging epektibo na rin ang mga ito kalaunan. Ngunit paano na lamang kung may mga bagong kalakaran sa pagtuturo ng mga aralin sa disiplina na hindi naman sila nagpakadalubhasa dito? Ito marahil ang dahilan kuing bakit may mga guro na muli't muli ay nakararanas ng mga suliranin sa pagtuturo ng mga bagong kaalaman gaya halimbawa ng araling pananaliksik.

Binigyang-diin ni Belvez (2000), na ang isang malikhaing guro ay hindi masisiyahan sa pagtahak doon at doon ding landas ng pagtuturo. Ang pagkamalikhain ay mangangahulugan ng panibagong pagtugon udyok ng pansariling kakusaan at buong sikhay (sipag) na pagpupunyagi (pagtitiyaga na maabot ang layunin o mithiin sa buhay) kalakip ang kalayaan sa pagsasagawa. Ang

isang gurong mahina ang loob, walang pagkukusa at hindi makapagpupukol ng pananaw nang malayo-layo sa kanyang kinaroroonan ay hindi makababago sa landasing nakagawian.

Samantala, binanggit nina Ocbian at Gamba (2015), nanatiling malaking hamon ang pagtuturo ng pananaliksik sa iba't ibang larangan dito sa Pilipinas sapagkat ang gawaing pananaliksik ay nangangailangan ng sapat na panahon at paggugol ng salapi sa parte ng guro. Hindi maikakaila ang kawalan ng sapat na oras upang matutuhan ng guro ang ganitong gawain sapagkat madalas ang guro ay tutok sa pagtuturo, kabilang na dito ang pagpaplano sa mga aralin na kanyang hinahawakan.

Samakatuwid, isang matinding pangangailangan na ang mga guro ay may sapat na pagdanas at pagkakaroon ng bukas na isipan sa mga bagong hamon ng disiplinang kanilang itinuturo.

Dahil dito, iminumungkahi sa pamunuan ng mga paaralan na kung maaari ay magkaroon ng *orientation* at *induction programs* sa mga bagong guro, ito ay napakahalaga upang makapaghanda ang mga bagong salta sa larangan ng pagtuturo sa kung ano ang dapat nilang asahan. At sa mga gurong itinuturing na mga *neophyte* sa larang na kanilang itinuturo, na kung maaari ay maging mapagkusa sa paghahanap pa ng mga paraan upang mas mapalalim at mapayabong ang sariling kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsasaliksik at pagdalo sa mga palihan.

Dagdag pa rito, maaaring maimungkahi rin sa mga punungguro na tutukan ang pangangailangan ng kanilang mga guro, bata man o matanda sa serbisyo lalo na sa kanilang pampropesyunal na pag-unlad. Ang mga sorses na maaaaring mapaghanguan ay ang mga resulta ng *Results-Based Performance Management System* (RPMS) *Electronic-Self Assessment Tool* (E-SAT), *Individual Performance Commitment Review Form* (IPCRF), *Focus Group Discussion*, *Classroom Observation Tool* at *Achievement Rate* ng kanilang mga mag-aaral. Sa tulong ng mga datos ay maaaring maging akma o angkop ang mga interbensyon at mga paksa sa mga talakayan sa *School-Based Learning Action Cells* (SLACs) at mga *In-Service Training*s na isinasagawa sa paaralan.

Samantala, isa sa mga suliraning kinakaharap di lamang ng bansang Pilipinas kundi maging ng ibang bansa ay ang paglobo ng bilang ng mga nagsipagtapos sa pag-aaral na ang trabaho ay lubhang malayo sa kanilang naging kurso. Tinatawag itong *"job mismatch"* sa Ingles na ang ibig sabihin ay hindi tumutugma o sumasablay ang trabahong kanilang napapasukan kung tinapos na kurso ang pag-uusapan.

Hindi rin nakaligtas ang karamihan sa mga gurong nagsisipagtapos sa bansa sa kasalukuyan. Isang katotohanan na sa kasalukuyan ay maraming guro ang kailangan ng mga paaralan sa bansa, ngunit ang masaklap ay kapag ibang medyor o pinagpakadalubhasaan ang kailangang guro ng mga institusyong inaaplayan. Kung kaya napipilitan ang mga gurong aplikante na tanggapin ang pagtuturo ng isang asignaturang hindi naman ito sumailalim sa pag-aaral ng larang na napili. Kaya walang magawa ang isang baguhang guro kundi yakapin nang pikit-mata ang pagtuturo sa mga araling tila bangungot kung kanyang ituring na gaya ng pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino.

Ang ganitong kalagayan ay lubhang nakababahala dahil sa maaaring maging epekto nito sa maraming aspeto tulad ng pagbabahagi ng kaalaman, kasiyahan sa trabaho maging sa pangkalahatang perpormans o pagganap ng isang guro sa tungkuling iniatang sa kanyang balikat.

Kailanman ay hindi maaaring gamutin ng isang guro ang batang may sakit sapagkat doktor lamang ang may kakayahang manggamot nito. Ganoon din sa pagtuturo ng pananaliksik, kailanman ay hindi maituturo nang maayos ng guro ang pananaliksik sa Filipino lalo na't ang mga magtuturo nito ay hindi naman nagmedyor sa asignaturang nabanggit.

Sa naging pag-aaral ni Cappelli (2014), sa bansang Estados Unidos isa sa malaking problema sa lakas paggawa ay ang *job mismatch* partikular sa kakulangan ng mga kasanayan ng mga manggagawa maging sa pribado at gobyerno, na may kinalaman sa *education-related skills.* Kaya hindi makakaila na may mga agam-agam at pinagmumulan ng mga debate kung naka-angkla ang lakas paggawa at mga polisiya ng edukasyon sa naturang bansa.

Binanggit nina Bender at Roche (2013), ang pag-aaral sa pribado at pampublikong paaralan ay may kamahalan at magastos, na kung saan gugugol ng salapi ang isang indibidwal bago makakuha na trabaho. Ang malaking katanungan sa mga ekonomista, tagagawa ng batas, at publiko ay kung makakakuha ba ng trabaho na naaayon sa kaniyang pinag-aralan at tinapos. Sa katunayan nanatiling malaking phenomenon ang *job mismatch* sa buong mundo. Ayon sa kanilang pag-aaral ang kawalan ng sapat na kasanayan sa napiling trabaho ay nangangahulugang pagtanggap ng suweldo na mas mababa sa inaasahan at kawalan ng gana/lugod sa trabaho. Malaking bagay sa isang indibidwal ang pagiging kuntento sa kanyang trabaho, sapagkat dito nakasalalay ang pagiging produktibo at pagpupursige na magampanan ang kaniyang *job description* nang buong husay at katapatan.

Kaugnay nito, ayon kina Chaudhuri at Naskar (2014), ang isang organisasyon ay umuunlad dahil sa kanyang mga tao. Ang pagiging mabisa, magaling at dedikasyon sa trabaho ay matatamo lamang kung sila ba ay kuntento

at masaya sa kanilang ginagawa. At gaya ng inaasahan sila ay patuloy na magiging produktibo at masipag sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin.

Sa katunayan ang ganitong uri ng usapin ay hindi na bago sa loob DepEd Rehiyon III, Sangay ng Pampanga, dahil sa mga nakalipas na taon ay sinubukang tugunan ng tanggapan na magkaroon ng *certification program* partikular sa mga guro na nagtuturo ng Filipino, MAPEH, at Araling Panlipunan sa pangunguna ni *CID Chief* Celia R. Lacanlale upang matugunan ang kakulangan ng mga guro sa nasabing mga asignatura. Ngunit sa kalaunan ang programang ito ay natanggal dahil ang naging prayoridad ng kapitolyo ay ang *scholarship program* para sa ibang larangan (MAEd in Educational Management).

Sa katunayan sa naging pag-aaral ni Lacanlale (2013), malaking bagay ang kagustuhan ng mga guro na mapaunlad ang kanilang personal, propesyunal at sosyal na katangian na magsisilbing ningas ng kahusayan ng mga gurong di-medyor sa Filipino sa pagtuturo sa asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Malaking bagay ang pagpapaunlad ng propesyunal na katangian sa pamamagitan ng pakikilahok sa *certification program* upang malampasan ng mga gurong di-medyor sa Filipino ang panimulang pagtuturo.

Ayon kay Dr. Cherry G. Vinluan, *Education Program Supervisor* sa Filipino, ng DepEd Sangay ng Pampanga, 221 ang mga gurong nagtuturo sa Filipino na hindi naman nila medyor.

Samakatuwid, mahalagang pagsumikapan ng guro na pandayin ang sariling kaalaman at kasanayan bagaman ito ay hindi ang kanyang linyang tinapos para higit na maging epektibo sa talakayan. Nakasalalay sa kanyang kawilihan at kagustuhan na mapabuti ang kanyang pagtuturo para sa ikauunlad ng mga mag-aaral**.**

Dahil dito, iminumungkahi sa pamunuan ng DepEd na ibalik ang *certification program* upang matugunan ang *job mismatch* sa loob ng kagawaran. Sa pamamagitan nito ay matutugunan ang ganitong kakulangan sa mga guro na walang sapat na kasanayan sa pagtuturo ng isang asignatura.

Dagdag pa rito, isa rin sa mga mabibigat na suliranin/karanasan ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng pananaliksik ay ang kakulangan ng mga sorses o hanguan ng impormasyon o datos na maaaring makatulong sa kanila upang mabisa nila itong maituro sa kanilang mga mag-aaral.

Hindi lingid sa mga guro sa Filipino lalo na sa pampublikong paaralan ang kakulangan ng mga sapat na resorses at kagamitan sa gawaing pananaliksik. Sa kasalukuyan ay malaking hamon pa rin ang pananaliksik sa Filipino sapagkat nanatiling dahop at salat pa rin ang mga kaugnay na literatura na maaring

paghanguan ng mga dating kaalaman upang maiugnay ang mga ito sa mga pananaliksik na isinasagawa ng mga mag-aaral pati na rin ang mga guro na nag-aaral sa gradwado. Mahihirapan ang mga mag-aaral na mapatunayan ang kanilang pananaliksik lalo na kung lokal na konteksto ang pag-uusapan sapagkat hanggang sa ngayon nakaangkla pa rin ang pananaliksik dito sa Pilipinas sa mga bansang kanluranin (De Laza & Batnag, 2016).

Ipinahayag ni Almario (2016), na sa paaralan nagsisimula ang paghubog sa mga mag-aaral sa siyentipikong pananaliksik. Dito itinuturo ang organisado at pormal na programa sa makaagham na pananaliksik. Ngunit paano lubos na maisakatutuparan ito kung ang mismong paaralan ay walang mga sapat na resorses upang makatulong sa mga mag-aaral sa gawaing pananaliksik? Aniya, ang unang hakbang sa pagyakap ng mga mag-aaral sa pananaliksik ay ang pagbisita sa silid-aklatan, maaaring sa susunod na pagbisita ay kung paano manghiram ng libro at siyempre ang panghuli ay ang aktuwal na pagsasaliksik sa aklatan at sa sistematikong pagtitipon ng mga sangguniang aklat para sa isang proyekto.

Binanggit nina Franzoni, Assar, Defuge, at Rojas (2008), na ang mga mag-aaral ay mas lalong natututo sa pamamagitan ng paggamit ng mga iba't ibang kagamitang panturo ng isang guro. Sa isang banda naman, ang mga mag-aaral ay may kaniya-kaniyang *learning styles,* kaya marapat lamang na sapat o kung maaari ay umaapaw sa mga kagamitang panturo at materyales ang mga paaralan na angkla/tugma naman sa kakayahang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Likas sa tao ang pagkakaroon ng iba't ibang estilo ng pagkatuto na nakabatay naman sa kanyang mga pandama, halimbawa na lamang ng awditori o biswal.

Pinatunayan din ni Ramsden (2008), ang paggamit ng *ICT* o makabagong teknolohiya tulad ng *laptop,* kompyuter at *internet* ay nakapagpapadali ng paghango ng mga impormasyon na kinakailangan sa gawaing pananaliksik ng mga mag-aaral. Bunsod nito ay napapadali at napapabilis nito ang paghahanap ng mga mahahalagang impormasyon at datos na kinakailangan ng mga mag-aaral. Sabi nga "*just one click away"* ay tatambad na daluyang batis sa pagkuha ng mga impormasyon.

Iminungkahi naman ni Asokhia 2009, ang kakayahang *mag-improvise* ng guro sa mga kagamitang pangturo ng sa gayon ay malunasan ang kawalan o kakulangan ng mga materyales na gagamitin ng mga mag-aaral. Ang pagiging maparaan at pagkamalikhain ng guro ay lubos na makakatulong sa pagtuturo ng pananaliksik sa mga bata.

Samakatuwid, guro mismo ang pangunahing hanguan ng impormasyon upang maging matagumpay ang pagtuturo ng pananaliksik. Nakasalalay pa rin sa kanyang mapagpalang kamay ang paglutas sa suliranin ukol sa kakulangan ng mga

daluyan na paghahanguan ng iba't ibang batis ng impormasyon tungo sa makabuluhang paggawa ng pananaliksik ng mga mag-aaral.

Dahil dito, iminumungkahi sa mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino na kung maaari ay pabusugin ang kaalaman at kasanayan sa makaagham na pananaliksik sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng mga pansariling pananaliksik sa sariling larang bilang pagsasanay tungo sa kadalubhasaan sa paggawa at pagtuturo ng pananaliksik, pagbabasa, pagsangguni sa *internet,* gayundin ang pagdalo sa mga gawaing pangguro na magpapataas at magpapadagdag ng mga kaalaman kaugnay ng mga araling itinuturo lalo na sa gawaing pananaliksik. Gayundin, iminumungkahi sa Pamunuan ng mga Paaralan katulong ang tanggapan ng DepEd na kung maaari ay bigyang-tuon ang pangangailangan ng mga asignatura na ang mga aralin ay may gawaing pampananaliksik tulad ng pagkakaroon ng modernong silid-aklatan kasama na rito ang pagbibigay ng *internet access* na lubos na makakatulong upang mapadali ang pananaliksik at pagtuturo nito.

Natuklasan din sa isinagawang pag-aaral na nakararanas ng hirap ang mga gurong kalahok sa pagtuturo ng makaagham na pananaliksik bunga ng kakulangan ng bokabularyong kanilang magagamit sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, hindi lamang ang guro ang nakakaranas ng ganitong sitwasyon bagkus pati na rin ang mga mag-aaral sa kadahupan ng mga terminolohiya na may kinalaman sa gawaing pananaliksik.

Ayon kay Squires (2009), sa sitwasyong may balakid sa paggamit ng wika, ang pagsasalin ang nakikitang pamamaraan upang matugunan ang suliraning ito. Ngunit ang malaking katanungan ay kung gaano katiyak at komprehensibo ang gawaing pagsasalin na lubos na nakakaapekto sa gawaing pananaliksik.

Sa kasalukuyan, ang iba't ibang samahan na nagsusulong sa Filipino upang ito ay mapalawak at mapayabong ay nagsasagawa ng iba't ibang seminar at worksyap lalo na sa larangan ng pagsasalin. Hindi maikakaila na isang pangangailangan sa pananaliksik sa Filipino ang pagsasalin ng mga terminolohiya mula Ingles tungo sa wikang pambansa sapagkat kulang na kulang ang mga nasa korpus upang magamit sa paglalahad ng mga makaagham na ideya.

Dagdag pa rito, isinisisi ng mga tagapagtanggol ng wikang Filipino ang pagbibigay ng kapangyarihan sa Ingles upang ito ang mamayaning wika sa lipunang Pilipino partikular sa sistema ng edukasyon sa bansa.

Sinabi rin ni Timbreza (w.p.), na mapapaunlad lamang ang Filipino sa pamamagitan ng paggamit nito. Ito rin ang madalas sabihin ng mga dalubwika na hindi kailanman uunlad ang alinmang wika hangga't hindi ito ginagamit. Sa kasalukuyan, isang hindi mapasusubaliang katotohanan ang tila pamamayagpag

ng Ingles sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Maraming mga pagbabagong ginawa sa kurikulum na nagpapakita ng pagkiling sa Ingles kaysa sa Filipino kung gamit nito sa akademya ang pag-uusapan.

Dagdag pa ni Timbreza (w.p.), "ang pakiwaring pabayaan munang umunlad ang wikang Filipino ay isang pag-iwas sa tungkuling makibahagi sa pagpapaunlad ng ating wika". Kung kaya sa loob ng mahabang panahon ay itinigil ang paggamit nito. Ito ang nakikitang matinding dahilan kung bakit maraming salitang Ingles ang wala pang katapat sa wikang Filipino. Kung kaya, tila Ingles ang nagkaroon ng puwang sa edukasyon upang ito ay paunlarin at palawakin samantalang ang Filipino ay tila halamang naluoy na lamang sa isang tabi dahil sa hindi paggamit dito.

Binigyang diin naman ni Santiago (2003), sa pagsakop ng bansang Amerika sa Pilipinas, maituturing namang napakalawak at napakalalim ang naging impluwensiya ng wikang Ingles, gayundin sa pag-iisip at kultura ng mga Pilipino. Ang pagkakaroon ng *colonial mentality* o ang panganganino sa anumang may tatak-dayuhan ay litaw na litaw pa rin hanggang sa ngayon. Ang isang matibay na patunay ay ang patuloy na paggamit ng wikang Ingles bilang prinsipal na wikang panturo sa paaralan.

Ngunit kung sisipatin ang *RA 10533* o *Enhanced Basic Education Program,* mariing pinag-uutos na gamitin ang Filipino bilang wikang panturo kapantay ng Ingles lalo na sa elementarya mula sa *kindergarten* hanggang sa ikatlong baitang upang lalong mas maintindihan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Sa batas na ito, inatasan ang DepEd na bumuo ng programa na makakatulong sa transisyon ng mga aralin gamit ang unang wika o *mother tongue* mula ikaapat na baitang hanggang ikaanim na baitang. Magpapatuloy ang paggamit ng wikang Filipino at Ingles hanggang sa sekondarya bilang midyum ng pagtuturo.

Ganoon din ang sinasabi ng *DepEd Order No. 21, series 2019*, na ang kurikulum ay kailangang sumunod sa mga prinsipyo at balangkas ng *Mother Tongue Based- Multilingual Education* (MTB-MLE) sa mga unang baitang sa elementarya.

Nakapaloob din sa Artikulo XIV Seksyon 6 hanggang 7, sa Konstitusyon ng Pilipinas, na dapat payabungin at payamanin pa ang mga salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang wika, at kailangang magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon.

Sa libro naman na isinulat ni Santiago (2003), ngayong nakapasok na ang Filipino bilang wikang panturo, darating at darating ang panahon na susulat na ng

mga materyales sa Filipino ang mga mag-aaral, mga guro at manunulat. Kaya't malaking bagay ang maituro sa mga mag-aaral ang pagsusulat ng pananaliksik sa Filipino upang ito ay maging bahagi ng kanilang sistema.

Ayon naman kay Zafra (2009), sa Unibersidad ng Pilipinas, Sentro ng Wikang Filipino (SWF) itinatag ang samahan na may layuning lalo pang "pagyamanin at paunlarin ang Filipino bilang wika sa pagtuturo, sa mga talakayang pang-akademiko at pananaliksik" ng mga indibidwal na kasapi nito. Kasama sa mga tungkulin nito ay sa larangan ng pananaliksik, pagsasa-Filipino at paglalathala ng mga suportang materyal sa mga pananaliksik ukol sa Filipino, maging ang paglalathala ng mga balarila at diksiyonaryong Filipino.

Kung gayon, ang pagpapaunlad at pagpapayabong sa taglay na bokabularyo sa Filipino ay isa sa mga susi upang mabisang makapagturo at makagawa ng sulating pananaliksik ang mga gurong nagtuturo nito.

Dahil dito, iminumungkahi sa Komisyon sa Wikang Filipino bilang lehitimong tanggapan na nagsusulong sa pagpapaunlad at pagpapayabong ng wikang pambansa na magsagawa ng mga dagdag na seminar/worksyap lalo na sa pagsasalin na magtitiyak ng pag-unlad ng bokabularyong taglay ng mga guro lalo na sa mga teknikal na terminong tiyak na magagamit sa paggawa ng sulating pananaliksik sa Filipino. Gayundin, iminumungkahi sa mga guro na magsagawa ng pansariling pagsisikhay na mapayaman at mapaunlad pa ang mga bokabularyong taglay sa Filipino sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga akademikong artikulo, libro, magasin at iba pa at saka magsanay na gamitin ang mga ito sa pagtuturo sa loob ng klasrum.

Guro ang susi sa lahat ng suliranin ukol sa mabisang pagtuturo. Kumbaga sa isang manggagamot, nararapat pulsuhan ng guro ang kanyang mga mag-aaral, damhin at pakinggan ang tibok ng kanilang mga puso, pag-aralan ang sanhi ng kanilang karamdaman bago lapatan ng kaukulang lunas.

Isinaad nina Elliot at Travers (1996), malaki ang tungkuling ginagampanan ng guro sa pagpapapaunlad ng kakayahang taglay ng mga mag-aaral. Ang kanyang impluwensya sa lipunan at sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral ay hindi matatawaran kailanman. Bilang magulang, siya ang nagsisilbing uhay sa pagpapalago at pagpapayabong ng anumang kakayahan ng mga mag-aaral. Sa napakalaking pananagutang ito, nararapat lamang na taglay ng guro ang mga katangiang tunay na papatnubay sa kanyang mga tinuturuan upang magabayan ang mga ito nang lalong malinang ang kakayahan at abilidad upang maging epektibo hindi lamang sa silid-aralan kundi higit sa lahat, maging huwaran, epektibo at malaya sa pakikilahok sa kanyang lipunang patuloy na nagbabago.

Si Richards (2008), ay nagsabing ang epektibong guro ay malikhain. Ang kanyang klase ay masigla, kawili-wili at laging may bagong gawain. Hindi lamang ang magpunla at magkintal ng impormasyon o prinsipyo ang hangarin, kundi higit sa lahat, ang ninanais ay matulungan ang mag-aaral na mapabuti ang buhay. Dagdag pa nina Yinger at Hendricks (1998), nasusukat ang pagiging epektibo ng isang guro sa gawain, kaasalan at saloobin ng kanyang tinuturuan. Ito ang resulta ng kanyang mga gawain sa klase. Ito ang batas ng edukasyon.

Kaya't lubhang napakahalaga sa gawaing pananaliksik ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo nito na makakapukaw upang tumaas ang kawilihan sa pag-aaral nito.

Binanggit sa pag-aaral nina Dahlberg, Barnes, Rorrer, Powell, at Cairco (2008), na ang mga kaaya-ayang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik ay magsisilbing tulay upang maiangat at mapanatili ang kanilang sigasig sa pag-aaral at pagsasagawa nito. Sa kalaunan ay mahikayat silang patuloy na sumulat at bumuo nito at mapalalim ang kanilang pag-aaral sa mga susunod na panahon, na makakatulong sa komunidad at kapwa mag-aaral sa kanilang napiling larang.

Inilahad naman nina Bailey, Bischof, Kwon, Miller, at Raj (2011), na sa mga nakalipas na taon, masidhi ang pagsisikap ng mga paaralan na mabigyan ng kaaya-ayang karanasan ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik upang ito ay maging bahagi na ng kanilang pag-aaral/sistema at maging mulat ang mga bata sa pagsasagawa nito. Sa unang pagtatangka ng mga mag-aaral sa siyentipikong pananaliksik, ibayong pag-iingat ang kinakailangan. Mahalagang mapagsangkot, mabusisi at makabuluhan ang pagtuturo nito upang lubos nilang yakapin ang gawaing ito. Mahalaga sa unang linggo ng pagtatalakay nito ay matutukan/ magabayan ang mga mag-aaral sa kung paano ang tamang pagpili ng paksa, paghahanap, pagbabasa ng mga kaugnay na literatura at sanggunian sa kanilang pag-aaral, at tamang pormat sa pagsusulat nito. Ito ang tamang pagpiprisinta ng papel, pasulat man o oral (pasalita) na makakatulong upang mailabas ang kanilang pagkamalikhain at malayang matuklasan ang kanilang kakayahan bilang bagong tagasaliksik o *researcher.* At sa huli, mahalagang bigyan sila ng sapat na oras kung paano ito isagawa upang sila ay makapagsaliksik nang tama sa kaunting gabay na lamang ng guro.

Binanggit din sa libro nina Evans, Gruba, at Zobel (2011), na ang pagsusulat ng makaagham na pananaliksik ay lubhang mapanghamon sa kakayahan ng mga mag-aaral mula sa pagkokolekta, pagproseso, at pagsisinop ng mga datos, pagpiprisinta ng resulta at kongklusyon, pagbibigay ng mga rekomendasyon na naaayon sa mga konkretong ebidensya na pawang katotohanan lamang. Sa ganitong konteksto, iilan lamang sa mga mag-aaral ang may kakayahang taglay na makapagsulat nang ganito kabusisi at ekstensibong gawain sa pananaliksik. Karamihan sa mga mag-aaral ay nangangailangan ng puspusang gabay sa pagsasagawa nito, mga kaukulang pagtatama at pagbibigay- kritiko sa ganitong

akademikong pagsulat. Nang sa ganoon ay maisagawa nila nang tama ang ganito kalawak na gawain.

Sa naging pag-aaral ni Wenderholm (2004), madalas na ang mga guro sa pananaliksik ay atubili sa pagtuturo nito sapagkat sa kanilang pakiramdam, tila ang mga mag-aaral ay walang sapat na kaalaman at kasanayan sa pagsasagawa nito. Dagdag pa niya, lubhang may kahirapan ang pagsasagawa ng gawaing pananaliksik kaya't tunay ngang nangangailangan ng sapat na panahon, pagplano at pagsasagawa nito. Hindi maikakaila na ang kawalan ng sapat na panahon, paghahanda at pagpaplano ay nagreresulta ng hilaw o malabnaw, at mababaw na awtput ng mga bata.

Sa bansang tulad ng Pilipinas na nagsisimula pa lamang sa ganitong kalakaran sa edukasyon nanatiling isang malaking hamon ang pagtuturo nito sa mga mag-aaral na nagreresulta ng bansot na kaalaman sa pagsasagawa nito. Kaya naman sa pagpapatupad ng K to 12 kurikulum sa bansa mula noong 2013, kasama sa mga nilalayong malinang sa mga mag-aaral ang pagsasagawa ng pananaliksik bilang bahagi sa paghubog sa isang indibidwal na may angkop na kasanayan sa ika-21 siglo.

Samakatuwid, muling bumabalik sa ugat ng suliranin, pangunahing pangangailangan ang pagiging dalubhasa ng mismong guro sa larangan ng pagtuturo ng pananaliksik. Ang pagkakaroon nito ng sapat kundi man labis na kaalaman sa pagtuturo at kasanayan sa paggawa ng pananaliksik ay daan upang matalino at mahusay ring makagawa ng pananaliksik ang mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang mga gawaing magpapaunlad ng kanilang pagkatao lalo na sa asignaturang Filipino.

Dahil dito, mariing iminumungkahi sa pamunuan ng mga paaralan na padaluhin sa mga seminar/worksyap o kaya ay maglatag ng mga plano para sa mga gawaing pag-unlad ng kaalaman sa pananaliksik ang mga guro lalo na ang mga guro sa Filipino upang maging daan ng kanilang kadalubhasaan sa ganitong gawain. Iminumungkahi rin sa mga guro, lalo na yaong mga nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino, na kung maaari ay busugin ang isip sa mga ganitong umuusbong na pagbabago sa larangan ng pagtuturo na labis na makaaambag sa pag-unlad di lamang ng kanilang pagtuturo kundi sa pagbuo ng pagkatao ng kanilang mga mag-aaral.

Natuklasan din sa isinagawang pag-aaral ang iba't ibang mungkahing paraan upang mapagbuti at mapasigla ang pagtuturo ng mga guro ng pananaliksik sa Filipino. Kabilang dito ang pagsangguni sa *internet,* paglapit sa mga eksperto at paggabay mula sa mga kasama at pagdalo sa mga palihan.

Sa isinagawang pag-aaral, ipinahayag ng mga gurong kalahok ang malaking ambag ng *internet* sa kanilang pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Ang tamang proseso, impormasyon maging mga kinakailangang konsepto na makatutulong sa mga ito upang mabisa at mahusay na maituro ang paggawa ng pananaliksik ay halos internet ang kinakapitan.

Sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo ngayong ika-21 siglo, ang pagsangguni sa mundo ng *internet* ay isa sa pinakamabilis at mabisang paraan upang mapabuti at mapasigla ang pagtuturo ng pananaliksik di lamang sa Filipino kundi maging sa iba pang larang. Hindi maikakaila na ang mga pagbabago sa sistema ng edukasyon ay nakaangkla rin sa makabago ngunit masalimuot na mundo ng teknolohiya.

Ayon kina Fraenkel, Wallen, at Hyun (2011), ang *internet* ay isang pagdaigdigan at malawakang pamamaraan sa pagkalap at paghahanap ng mga impormasyon gamit ang *World Wide Web*, na kung saan, malayang nakaka-akses ang lahat ng tao sa mundo. Kadalasan, ito ay ginagamit sa larangan ng edukasyon para sa pagtuturo at gawaing pampagkatuto ng mag-aaral. Naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mananaliksik ang pagsangguni dito upang makita/mahanap ang mga pag-aaral/pananaliksik ng kapwa nila mananaliksik.

Gayundin, malaki ang papel nito sa mabisang pakikipagkomunikasyon na may kinalaman ng kanilang mga saliksik, at pagbabahagi ng kanilang saliksik-papel upang makita ito ng mga tao sa malawakang saklaw. Sa pamamagitan nito ay madali na lamang sa mga guro at mag-aaral ang makakuha ng impormasyon at ideya sa pagtatalakay nito. Bunsod nito, ang mga guro sa pananaliksik partikular na ang mga guro sa Filipino ay nagkakakaroon nang malawak, komprehensibo at tiyak na sanggunian sa pagtuturo nito sa klase.

Samantala, binanggit nina Convery at Cox (2012), na ang pananaliksik gamit ang internet ay nangangahulugang *online surveys, content analysis, video-conferencing for online focus group discussions*, panayam o *interview, email* at *discussions* o pagbabahaginan na may kinalaman din sa gawaing pananaliksik. Binigyang-diin nila ang tamang konsiderasyon at etika sa pagsasagawa ng pananaliksik upang kilalanin ang pinagmulan ng pananaliksik, ang maselang isyu ng plagyarismo na marapat malaman ng mga mag-aaral upang maging awtentiko ang pagtuturo ng pananaliksik at pagsasagawa ng mga mag-aaral ng pananaliksik sa anumang larang.

Samantala, sa naging pag-aaral ni Gannaban (2013), isa sa mga kinahuhumalingan ng mga mag-aaral ngayon ay ang paggamit ng *Social Networking Site* (SNN) na gumagana pa rin sa tulong ng *internet*. Ang SNS ay isa sa mga dulog- teknikal na makakatulong nang malaki sa pagtuturo ng pananaliksik sa mga mag-aaral. Pinakasikat sa mga mag-aaral ang paggamit ng *Facebook* na

nagiging daluyan ng komunikasyon sa pagitan ng mag-aaral at ng guro upang magbigay daan sa mga takdang aralin, babasahin at dapat pang pag-usapan tulad ng paglilinaw o mga katanungan ng mga mag-aaral sa mga paksang tinatalakay sa klase. Dahil madalas na naka-*online* ang mga mag-aaral, nagiging aktibo ang talakayan maging sa loob at labas ng paaralan. Kaugnay nito, nagiging mas madali ang pagtatama at pagbibigay ng suhesyon sa mga awput ng mga mag-aaral lalo na sa gawaing pananaliksik sa Filipino.

Sa katulad na pag-aaral, ilan lamang sa mga positibong dulot ng SNS sa pagtuturo ay ang nakakapag-*save* ng dokumento, lektyur, *educational videos*, mga gawain, paksa, mga *hand-outs*, *reference links*, *powerpoint presentations*, *file*s at marami pang iba na makakatulong upang maging kawili-wili ang pagtatalakay ng pananaliksik sa mga mag-aaral.

Binigyang-diin din nina Collin, Rahilly, Richardson, at Third (2011), na ang paggamit ng SNS ay nakatutulong upang matuto ang mga mag-aaral sa kolaboratibong gawain at pagbabahaginan ng tuklas/talakay sa malawakang saklaw. Dahil dito nagkakaroon ng interaksyon at palitan ng ideya tungkol sa mga talakay sa loob ng klasrum. Kaya't hindi na nga matatawaran ang kahalagahan nito sa pagtuturo lalo na sa panahon ngayon na bahagi na talaga ng pang-araw-araw na buhay ng mga guro at mag-aaral ang *Social Networking Sites*.

Tinukoy din sa pag-aaral nina Brady, Holcomb, at Smith (2010), na ang paggamit ng *Social Networking Site* ay mabisang alternatibo sa tinatawag na *"distance learning"* na lubos na nakatutulong upang maging bukas ang komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na kahit wala sa loob ng paaralan ay malayang nakakapagbahaginan ng kuro-kuro at ideya ang bawat isa upang makatulong sa paglilinaw sa pagtuturo.

Pinatotohanan din sa pag-aaral ni Petras (2012), na ang kolaboratibong pagkatuto ay mahalagang dimensyon ng distance learning. Ang mahalagang aspeto nito ay ang mag-aaral-mag-aaral, higit na napapatingkad ang motibasyon ng bawat isa kung nakikita ng mag-aaral ang kaugnayan sa iba pa. Dahil sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, lalo pang nagiging mabilis ang komunikasyon at dumarami ang kaparaanang pang-edukasyon na naipagkakaloob ng internet gaya ng mabilis na paglikom ng impormasyon at datos na maaaring magamit sa pagbuo ng sulating pananaliksik.

At sa huli, sa ilalim ng K to 12 Kurikulum ang lahat ng mga magsisipagtapos sa programa ay inaasahang holistikong nahubog bilang Pilipinong indibidwal na may kakayahang gamitin ang *IMT (Information Media and Technology),* tumuklas ng mga bagong kaalaman at inobasyon *(learning and innovation)* at kakayahang komunikatibo *(communication skills*) tungo sa maunlad na Pilipinas.

Samakatuwid, hindi matatawaran ang kahalagahan ng *internet* dulot ng makabagong teknolohiya sa larangan ng pagtuturo ng pananaliksik. Ang kagustuhan at kahandaan ng guro na maging *"high-tech"* sa pagtuturo ay nakakatulong nang malaki upang puspusang maging kasiya-siya ang gawaing pananaliksik sa mga mag-aaral.

Dahil dito iminumungkahi, sa pamunuan ng paaralan na bigyang pansin ang pagkakaroon ng *internet connection* sa loob ng klasrum lalo na sa oras ng klase ng pananaliksik. Upang patuloy na makaagapay ang guro at mag-aaral sa mga talakayan at lubusang maintindihan ng mga mag-aaral ang talakayan sa pananaliksik. Sa tulong nito ay mapapadali at makaka-akses sa mga *reference links* ang mga mag-aaral nang sa ganoon ay maging kasiya-siya at makatotohanan ang pagtuturo at pag-aaral nito.

Natuklasan sa isinagawang pag-aaral na nakatulong at makatutulong pa rin ang ginawang pagsangguni sa mga eksperto at kusang paghingi ng gabay para maturuan nang tamang pagtuturo ng pananaliksik ang mga gurong kalahok. Para sa kanila, mabisa rin itong interbensyon sa pagsisikap na maging mahusay sa pagsisiyasig.

Madalas na marinig ang mga katagang *"two heads are better than one"*, sa mga sitwasyong ang guro ay may mga agam-agam sa kanyang asignaturang/paksang tinatalakay ang pagtatanong at pagsangguni sa mga eksperto ay isa sa mga pangunahing pamamaraan ng guro upang maibsan ang kanyang kalituhan sa araling kanyang tinatalakay lalo pa't siya ay bago sa kanyang larangan.

Sa naging pag-aaral nina Miquel at Duran (2017), na naunang nabanggit nina Hargreaves at Fink (2006), napakahalagang magkatuwang ang mga guro sa kanilang pagtuturo, at magbahaginan ng kaalaman upang matugunan ang mga hamon sa pagbabago sa edukasyon. Hindi mapapasubalian na ang pagtutulungan o kolaborasyon ng mga guro sa paaralan ay higit na nakakapagpatibay sa gawaing pampagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Ang pagpapalitan ng mga ideya, pakikibahagi sa mga diskusyon at talakayan, upang ibahagi ito sa kanilang kapwa-guro ay mabisang pamamaraan upang matugunan ang dahop na kaalaman ng isang gurong wala halos karanasan lalo na sa pagtuturo ng pananaliksik.

Sa kabila ng nakapagtapos at nagkaroon ng karanasan ang isang tao sa iba't ibang bagay, hindi pa rin ito garantiya o katiyakan na alam na niya ang lahat-lahat. Kung kaya, mahalaga ring masanayan ang pagtatanong-tanong bilang paraan ng paghingi ng tulong sa mga kasamahan sa trabaho. Sa mga sitwasyong nangangapa halimbawa ang guro sa asignaturang kanyang itinuturo, mahalagang pumailalim siya sa tinatawag na *peer mentoring*.

Binanggit nina Duran at Monereo (2005), na ang *peer mentoring* ay paraan/ metodo ng kolaboratibong gawain sa pagitan ng dalawang tao, ang tagapagturo at ang tinuruan, na naglalayong magbahaginan ng mga kaalaaman, nagpapalitan ng diyalogo at pananaw sa bawat isa. At ang epektibong *mentoring* ay nagsisimula mismo sa mga baguhang guro upang lalo nilang mapabuti ang kanilang paraan sa pagtuturo lalo na sa gawaing pananaliksik (De Gracia, 2009).

Paglilinaw pa nina Darwin at Palmer (2009), ang malayang pagpapalitan ng mga karanasan, hamon at mga opurtunidad na makabuo ng solusyon sa trabaho ay nakakapagpalakas sa samahan ng bawat indibidwal lalo na sa larangan ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, natuto ang bawat isa sa isa't isa, nababawasan ang pakiramdam ng walang karamay sa mga hamong kanyang kinakaharap at nakapagpapalakas ng loob sa pagtuturo.

Binigyang-diin din nina Angelique, Kyle, at Taylor (2002), na ang pagsangguni sa mga kasamahan sa trabaho ay nangangahulugang pagtataguyod ng magandang samahan sa pagitan ng mga magkakasama sa trabaho na malayang nagbabahaginan ng kaalaman, pagpaplano at pagbibigay ng mga feedback tulad na lamang sa larangan ng akademya, na makakatulong upang mapabuti ang pagtuturo sa paaralan. Hindi mapapasubalian na kailangan ng bawat guro ang isa't isa upang maging matagumpay ang institusyong kanilang kinabibilangan. Dito pumapasok ang kagalingan ng mga batikang guro na ang mga kaalaman ay tunay na di matatawaran sapagkat pinuro at pinanday ng panahon.

Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral ni De Gracia (2009), na ang pagkakaroon ng isang mahusay na programa sa pananaliksik lalo na sa kolehiyo ay lubhang napakahalaga. Kaya't ang pangangailangan na magkaroon ng mga guro na maalam sa larangan ng pananaliksik ay susi sa tagumpay sa programang ito. Mahalagang simulan ang paghubog sa mga baguhang guro sa tulong ng mga datihang guro na dalubhasa sa pagsusulat, paglilimbag at pagbibigay ng payo ukol sa riserts/pananaliksik.

Bunsod nito, sinambit nina Canque at Botor (2009), na kinakailangang maging sensitibo ang mga punongguro sa mga pangangailangan ng mga guro sa paaralan lalo nasa "mentoring" upang sila ay maging epektibong guro sa pamamagitan ng paghubog ng kanilang "interpersonal skills". Hindi mapapasubalian na kailangan ng guro ang kanyang kapwa-guro upang maging matagumpay ang isang paaralan.

Ayon kay Tan (2011), ang *research mentoring* ay inilapat niya sa kasabihang "it takes two to tango". Ito ay proseso na kung saan ang nagtuturo at tinuturuan ay nagtutulungan at natututo sa bawat isa nang sa ganoon ay malaman ang katotohanan at makabuo ng mga makabuluhang awtput. Ang tagumpay sa pagtuturo ng pananaliksik ay nangangailangan ng sapat na paghahanda at oras,

positibong pananaw at tamang pag-uugali ng nagtuturo at tinuturuan. Ito ay isang ekstensibo at kolaboratibong gawain ng dalawang taong bukas ang kaisipan upang mapagtagumpayan ang hamon sa pagtuturo at pagbuo ng isang saliksik-papel.

Samakatuwid, hindi matatawaran ang kahalagahan ng pagsangguni sa mga dalubhasa at kaguro, lalo na't kung baguhan pa lamang sa asignaturang itinuturo upang magkaroon ng sapat na kaaalaman at kasanayan sa pagtuturo tulad ng pananaliksik sa Filipino.

Dahil dito, hinihikayat ang pamunuan ng bawat paaralan na magtayo ng isang tanggapan ng pananaliksik *(Research Office)* at bumuo ng komite *(research committee*) na ang layunin ay pasiglahin at palakasin ang kultura ng pananaliksik, hindi lamang para sa mga guro pati na rin sa mga mag-aaral bilang paghahanda sa mas ekstensibong pananaliksik pagdating nila sa kolehiyo.

At bilang panghuli, natuklasan din na nagiging mabisang interbensyon upang madaling makaagapay sa pagtuturo ng pananaliksik ang mga guro ay sa pamamagitan ng mga kaalaman na kanilang natutuhan nang sila ay nag-aaral pa , mula sa kanilang pagbabasa sa mga libro na may kaugnayan sa pagbuo ng pananaliksik at pagdalo sa mga palihan.

Ang mga tradisyunal na pamamaraan sa pagpapalawig ng kaalaman sa pagtuturo ng isang guro tulad ng mga dating iskema, paggamit ng libro, at pakikilahok sa palihan ay nanatiling mabisang paraan upang maresolba ang suliranin sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino.

Sa naging pag-aaral nina Oleson at Hora (2014), ang guro ay nagtuturo sa pamamagitan na kung paano siya naturuan noong siya ay mag-aaral pa. Ang repleksyon sa mga dating kaalaman at iskema ay nakatutulong sa kanya upang maibahagi ang kaalaman sa paksa. Kabilang dito ang mga karanasan sa loob ng klasrum, *professional development* gaya ng pagsali sa mga worksyap, seminar, pakikilahok sa mga pampananaliksik na gawain ng iba't ibang samahan, pagbabasa tungkol sa nilalaman at pedagohiya ng mga aklat-pananaliksik. Lubos na nakatutulong ang mga ito upang malinang ang pagtuturo ng isang guro na bukas sa mga pagbabagong nagaganap sa larangan mg edukasyon lalo na sa gawaing pananaliksik.

Dagdag pa nina Lattuca, Bergom, at Knight (2014), na ang patuloy na paglinang ng guro sa kanyang kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng pagpunta sa mga seminar, worksyap, palihan at pati na rin ang pagdalo sa paaralang gradwado ay lubos na makakatulong upang matutuhan ang mga bagong inobasyon at interbensyon sa larangan ng pagtuturo. Hindi maikakaila na ang pagbabagong ito ay may kinalaman sa *agenda* ng pananaliksik sa edukasyon.

Batay sa pag-aaral nina Komba at Nkumbi (2008), sa mga bansang kabilang sa *third world country* tulad ng Pilipinas, ang edukasyon ay mismong ang "guro". Siya ang pangunahing hanguan ng kaalamaan, kasanayan, modelo at inspirasyon ng mga mag-aaral. Kaya't mahalagang pagtuunan niya ng pansin ang kanyang sarili nang mapalago at mapayaman ang kanyang kaalaman upang epektibong maibahagi niya ito sa kanyang mga mag-aaral. Ang pagdalo sa iba't ibang palihan at worksyap ay nagbibigay ng malaking oportunidad sa guro upang magalugad ang mga bagong tungkulin, estratehiya, at mga *best practices* sa pagtuturo.

Wika ni Gregorio (2000), makabuluhan/kasiya-siya at malaki ang naging epekto ng pagdalo sa mga palihan ng mga guro na may kinalaman sa nilalaman, kaugnayan ng paksa at mga layunin sa pagtuturo ng isang asignatura. Mahalagang maranasan ng guro ang makibahagi sa mga ganitong palihan upang lubos na maintindihan at maranasan ang mga gawaing pampagkatuto sa labas ng klasrum. Sa mga ganitong gawain, ang guro ay malayang nakikipagpalitan ng mga kuro-kuro, ideya at nakikilahok sa mga gawain na kanyang maibabahagi sa mga mag-aaral pagbalik niya sa klasrum.

Samantala, napatunayan nina Djuwari, Budiana, at Hudiwinarsih (2019), sa kanilang isinagawang pag-aaral na ang guro na may mataas na motibasyon sa kanyang sarili ay madalas na nakikilahok sa mga palihan upang higit niyang mapabuti ang kanyang pagtuturo at maging dalubhasa sa kanyang larangan. Kabilang na rito ay ang paglinang sa kakayahan niyang makapagsulat ng pananaliksik at sa kalaunan ay maibahagi ito sa mga mag-aaral. Muli, gagawin ng guro ang lahat niyang makakaya upang mapagtagumpayan ang anumang hamon na may kinalaman sa kanyang pagtuturo.

Samakatuwid, ang patuloy na pagbabasa ng mga aklat at pagdalo sa mga palihan ng mga guro sa pananaliksik sa Filipino ay makakatulong nang malaki upang lalong mapaghandaan ang ganitong kabigat na asignatura. Sa tulong ng mga ito ay napapalawig ng guro ang mga paksa ukol sa pananaliksik.

Sa kabuuan ng gawaing pananaliksik, natuklasan ang kawalan ng kahandaan ng mga di-masterado na guro sa pagtuturo ng pananaliksik. Dahil dito, iminumungkahi sa mga guro ng pananaliksik na kung maaari ay palagiang dumalo sa palihan at worksyap na may kinalaman sa pagtuturo at aktuwal na paggawa ng sariling pananaliksik. Iminumungkahi rin sa DepEd na kung maaari ay bumuo ng mga modyul na maaaring maglaman ng iba't ibang modelo ng mga para-paraan ng paggawa ng pananaliksik kasama ang mga mahahalagang termino sa pananaliksik na nakasalin sa Filipino na magtitiyak sa pag-usbong ng isang kaalaman na magpapakita ng awtput ng bungang-saliksik sa Filipino ng mga tinuturuan.

ANG SUMIBOL NA ESTRUKTURA

Sa tulong nang masusing pagsisiyasat sa pag-aaral, nabuo ang konseptuwal na balangkas ng pananaliksik. Natuklasan ang kawalan ng kahandaan ng mga gurong nagtuturo sa *Senior High School* sa asignaturang pananaliksik na pinakapokus ng pag-aaral. Ginamit ang kulay luntian dahil ito ang kulay ng DepEd, at ang kulay na ito na nagpapahiwatig ng pag-asa, kalakasan, pag-unlad at kapayapaan. Nakapaloob naman sa mga kahon ang mga nakapalibot na mga suliranin/hamon sa mga guro: Kaalaman at Kasanayan Mahalagang Pundasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto, Pagiging Baguhang Guro at Kakulangan ng Kadalubhasaan sa Larang Balakid sa Pagsasalin ng Kaalaman, Pagtawid sa Di-Linyang Larang Krus na Harang sa Pagtuturo, Kadahupan ng Daluyang Batis Kritikal na Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik, Kapangyarihan ng Wikang Ingles sa Filipino Bansot na Bokabularyong Taglay sa Korpus ng Wikang Filipino sa Pananaliksik, at Kawalan sa Karanasan ng Mag-aaral sa Maka-Agham na Pananaliksik.

Magpapatuloy ang siklo ng mga suliraning ito kung hindi ito lalapatan ng mga agarang solusyon. Ginamit ang pulang kulay dahil kritikal ang mga suliraning ito na nagiging hadlang upang higit na maging mabisa sa pagtuturo ang mga guro. Sa ikalawang pabilog ay ang mga naisip na pag-aangkop o solusyon ng mga gurong kalahok sa pag-aaral bilang tugon sa kanilang kinaharap na mga hamon tulad ng: Mundo ng Internet Lubluban ng Masaganang Batis ng Impormasyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik, Mga Eksperto sa Pagsisiyasig Yaman sa Pagpapalawig ng Pintuang-Daan ng Pagsisiyasat, Dating Iskema, Libro, at Palihan Epektibong Metodo sa Pagreresolba ng Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik. Ginamit ang kulay na dilaw upang mailarawan ang ningning ng mga solusyon para makapag-angkop ang mga guro sa mapaghamong pagtuturo sa ilalim ng asignaturang hindi nila gamay. Sa itaas ng bilog ay isinentro ang pangangailangan ng mga kalahok sa pag-aaral, kaya't nagmungkahi ng modyul na maaaring magamit ng mga guro at mga mag-aaral sa pagtuturo ng pananaliksik.

Konseptuwal na Balangkas



Balangkas ng pagkakaugnayan ng nilalaman ng tesis sa mungkahing modyul sa Filipino: Gabay sa pagtuturo ng panimulang pananaliksik

Maikling Datos	Pasasalamat at Pagkilala	Paunang Salita	Modyul 1	Modyul 2	Modyul 3	Modyul 4
	Bilang ng Pahina	**Bilang ng Pahina**	**Bilang ng Pahina**	**Bilang ng Pahina**	**Bilang ng Pahina**	**Bilang ng Pahina**
1. Natuklasan ● 1.Kawalan ng Kaalaman at Kasanayan: Mahalagang Pundasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto (pah. 11) ● Pagiging Baguhang Guro at Kakulangan		..magsisilbing gabay upang makatulong sa mga guro sa Filipino at mag-aaral sa *Senior High School* (ii)	Nilagyan ng Pangkalahatang Panimulang Pagtataya sa bahagi ng simula upang matasa ang kahandaan ng mga guro at mag-aaral sa larangan ng	Panimulang Pagtataya Pah. 1		Pah.4 Pah. 38

ng Kadalubhasaan sa Larang ay sadyang mahirap (pah. 13) ● Pagtawid sa Di-Linyang Larang: Krus na Harang sa Pagtuturo (mahirap itong asignatura ay lalo pang pinahihirap ang hindi nila medyor) (pah. 15) ● Kadahupan ng Daluyang Batis: Kritikal na Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik (kadahupan ng mga sorseso hanguan ng impormasyon upang maging mabisa nila itong maituro) (pah. 17) ● Kapangyarihan ng Wikang Ingles sa Filipino: Bansot na Bokabularyong Taglay sa Korpus ng Wikang Filipino sa Pananaliksik (suliranin din		Ang dalawang asignatura ay nangangailangan ng pinal na	pananaliksik. (ii) Inaasahang ang mungkahing modyul na ito ay magsisilbing sulo upang tumanglaw sa mga gurong di-masterado nang mapaunlad ang kanilang kahandaan at kakayahang pangguro sa pagtuturo ng pananaliksik (ii)	Pah. 3 Pah. 4 Pah.6 Pah.9 Pah.12 Pah.13-14 Pah.15 Pah.16 Pah. 21	Pah. 28	Pah. 36

ang mga terminolohiyang ginagamit sa pagtuturo ng pananaliksik) (pah. 20) ● Kawalan ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Maka-Agham na Pananaliksik at pagkakaroon ng mga ito ng negatibong pagtingin sa pananaliksik (pah. 22) ● nakararanas ng hirap ang mga gurong kalahok sa pagtuturo ng makaagham na pananaliksik bunga ng kakulangan ng bokabularyong kanilang magagamit sa wikang Filipino. (pah.41) ● hindi lamang ang guro ang nakakaranas ng ganitong sitwasyon bagkus pati na rin ang mga mag-aaral sa kadahupan ng mga terminolohiya na may kinalaman sa gawaing pananaliksik. (pah.41)		awtput sa mga mag-aaral (ii) sa higit na kapakinabangan ng mga mag-aaral na maglalandas sa pagpapalago sa kaalaman at kultura ng pananaliksik (ii)		Pah.17 Pah.20-25	Pah. 27 Pah. 30 31	Pah. 35 Pah. 36 Pah. 39

1.2 Pag-aangkop o Solusyon ng mga Guro ● Mundo ng INTERNET: Lubluban ng Masaganang Batis ng Impormasyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik (sumasangguni sa pinakamadaling mapagkukunan ng batis ng impormasyon-ang internet) (pah. 24) ● Mga Eksperto sa Pagsisiyasig: Yaman sa Pagpapalawig ng Pintuang-Daan ng Pagsisiyasat ● (lumalapit sa mga awtoridad o kapwa guro) (pah. 26) ● Dating Iskema, Libro, at Palihan: Epektibong Metodo sa Pagreresolba ng Suliranin sa Pagtuturo ng Pananaliksik (pah. 26) ● Kabilang dito ang pagsangguni sa *internet,* paglapit sa mga eksperto at paggabay mula sa mga kasama at		maglikom ng mga datos mula sa mga hanguang batis ng impormasyon, pinagyaman ang mga ito tungo sa higit na kapakinabangan ng mga guro't mag-aaral. (ii)				Pah. 36 Pah. 36 Pah. 36 Pah. 35 Pah. 37

pagdalo sa mga palihan. (pah.37) ● hindi matatawaran ang kahalagahan ng *internet* dulot ng makabagong teknolohiya sa larangan ng pagtuturo ng pananaliksik (pah.50)						

2. Kongklusyon **…** ang kawalan o kakulangan nila ng kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng pananaliksik. ● Kung kaya, marapat lamang na magtaglay ang isang guro di lamang ng sapat kundi busog na kaalaman at kasanayan sa kanyang araling itinuturo. (pah. 30) ● tila isang kabalintunaan ang sabihing guro siya, tagapagbahagi ng kaalaman, kung siya mismo ay walang alam sa dapat na ibahaging kaalaman (pah. 31) ● Dahil dito, napakalaki ng gampanin ng isang guro sa loob ng klasrum, ang kanyang kakayahang makaimpluwensiya sa gawi at kilos ng mga bata (pah. 35) ● Kaya walang magawa ang isang baguhang						Pah. 36 Pah. 39 Pah. 40 Pah. 37

guro kundi yakapin nang pikit-mata ang pagtuturo sa mga araling tila bangungot kung kanyang iturin na gaya ng pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. (pah.36) ● kailanman ay hindi maituturo nang maayos ng guro ang pananaliksik sa Filipino lalo na't ang mga magtuturo nito ay hindi naman nagmedyor sa asignaturang nabanggit. (pah.37) ● Kung gayon, ang pagpapaunlad at pagpapayabong sa taglay na bokabularyo sa Filipino ay isa sa mga susi upang mabisang makapagturo at makagawa ng sulating pananaliksik ang mga gurong nagtuturo nito.(pah.43)						Pah. 37 Pah. 38

3. Rekomendasyon ● iminumungkahi sa mga guro na kung maaari ay magsagawa ng sariling pagsisikap upang mapunan ang sarili ng mga mahahalagang kaalaman tungkol sa araling itinuturo tulad ng mga seminar/worksyap at mga kaugnay na pagsasanay na magpapabusog ng kanilang isipan. ● magkaroon ng *orientation* at *induction* programs sa mga bagong guro, ito ay napakahalaga upang makapaghanda ang mga bagong salta sa larangan ng pagtuturo sa kung ano ang dapat nilang asahan. (pah. 35) ● maaaring maimungkahi rin sa mga punungguro na tutukan ang pangangailangan ng kanilang mga guro, bata man o matanda sa serbisyo lalo na sa kanilang pampropesyunal na pag-unlad. (pah.36) ● ang kakayahang *mag-improvise* ng guro sa mga kagamitang pangturo ng sa gayon ay malunasan ang kawalan o kakulangan ng mga materyales na gagamitin ng mga mag-aaral (pah.40) ● iminumungkahi sa mga gurong nagtuturo		Ang modyul na ito ay awtput ng isinagawang pag-aaral sa Master ng Sining sa Pagtuturo ng Filipino,(ii)				Pah. 37

ng pananaliksik sa Filipino na kung maaari ay pabusugin ang kaalaman at kasanayan sa makaagham na pananaliksik (pah.40) ● iminumungkahi sa Pamunuan ng mga Paaralan katulong ang tanggapan ng DepEd na kung maaari ay bigyang-tuon ang pangangailangan ng mga asignatura na ang mga aralin ay may gawaing pampananaliksik (pah.41) ● iminumungkahi sa **Komisyon sa Wikang Filipino** bilang lehitimong tanggapan na nagsusulong sa pagpapaunlad at pagpapayabong ng wikang pambansa (pah.43) ● iminumungkahi sa pamunuan ng mga paaralan na padaluhin sa mga seminar/worksyap o kaya ay maglatag ng mga plano para sa mga gawaing pag-unlad ng kaalaman sa pananaliksik ang mga guro lalo na ang mga guro sa Filipino (pah.46) Iminumungkahi rin sa DepEd na kung maaari ay bumuo ng mga modyul na maaaring maglaman ng iba't ibang modelo ng mga para-paraan ng paggawa ng pananaliksik kasama						

ang mga mahahalagang termino sa pananaliksik.						

4. Konseptwal na Balangkas **4.1** Natuklasan ang kawalan ng kahandaan ng mga gurong nagtuturo sa *Senior High School* sa asignaturang pananaliksik (pah.56) **4.2** kaya't nagmungkahi ng modyul na maaaring magamit ng mga guro at mga mag-						Pah. 37 Pah. 38 Pah. 37

aaral sa pagtuturo ng pananaliksik. (pah.56)						

TALASANGGUNIAN

Adediwura, A. A. & Tayo, B. (2007). Perception of teachers knowledge, attitude and teaching skills as predictor of academic performance in Nigerian secondary schools. *Educational Research and Reviews 2* (7), 165-171.

Adler, J. & Sfard, A. (Eds.). (2016). *Research for educational change: Transforming researchers' insights into improvement in mathematics teaching and learning*. Routledge.

Anderson, G. & Arsenault, N. (2005). *Fundamentals of educational research*. Routledge.

Angelique, H., Kyle, K. & Taylor, E. (2002). Mentors and muses: New strategies for academic success. *Innovative Higher Education*, *26*(3), 195-209.

Asokhia, M. O. (2009). Improvisation/teaching aids: Aid to effective teaching of English Language. *International Journal of Educational Sciences*.

Bailey, R. J., Bischof, H. P., Kwon, M., Miller, T. & Raj, R. K. (2011). On providing successful research experiences for undergraduates. In *2011 Frontiers in Education Conference (FIE)* (pp. T2F-1). IEEE.

Belvez, P. M. (2000). *Ang Sining at Agham ng Pagtuturo*. Manila, Philippines, 63: REX Book Store.

Bender, K. A. & Roche, K. (2013). Educational mismatch and self-employment. *Economics of Education Review 34*, 85-95.

Brady, K. P., Holcomb, L. B. & Smith, B. V. (2010). The use of alternative social networking sites in higher educational settings: A case study of the e-learning benefits of Ning in education. *Journal of Interactive Online Learning 9* (2).

Canque, W. & Botor, J. . (2009). MOTIVATIONAL FACTORS AND MENTORING SKILLS OF FACULTY MEMBERS OF HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS IN DIGOS CITY. *UM Research Journal 6* (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=2058

Cappelli, P. (2014). *Skill gaps, skill shortages and skill mismatches: Evidence for the US* (No. w20382). National Bureau of Economic Research.

Chaudhuri, M. & Naskar, P. (2014). Job Satisfaction: The Eventual Smidgeon for Occupational Consummation and Contentment in Profession. *DLSU Business & Economics Review, 24 (1)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6495.

Cohen, L., Manion, L., & Morrison, K. (2002). *Research methods in education*. Routledge.

Collin, P., Rahilly, K., Richardson, I. & Third, A. (2011). The benefits of social networking services.

Convery, I. & Cox, D. (2012). A review of research ethics in internet-based research. *Practitioner Research in Higher Education*, *6* (1), 50-57.

Dahlberg, T., Barnes, T., Rorrer, A., Powell, E. & Cairco, L. (2008, March). Improving retention and graduate recruitment through immersive research experiences for undergraduates. In *ACM SIGCSE Bulletin* (Vol. 40, No. 1, pp. 466-470). ACM.

Darwin, A., & Palmer, E. (2009). Mentoring circles in higher education. *Higher Education Research & Development 28* (2), 125-136.

De Gracia, R. A. (2009). Mentoring Faculty towards Scholarly Productivity. *The Central Colleges of the Philippines Interdisciplinary Research Journal, 1(1)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=10121.

De Guzman Petras, J. (2012). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. *DALUMAT E-Journal 3* (1-2), 1-1.

De Laza, C. S. & Batnag, A. (2016). Pagbasa *at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. (1st ed.). Manila, Philippines, 63: REX Book Store.

Djuwari, D., Budiana, K. & Hudiwinarsih, G. (2019). The Teachers' Motivation in Joining the Training on Scientifc Paper Writing. *SMCC Higher Education Research Journal 6* (1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=14321.

Duran, D. & Monereo, C. (2005). Styles and sequences of cooperative interaction in fixed and reciprocal peer tutoring. *Learning and Instruction 15*, 179–199

Elliott, S. N. & Travers, J. F. (1996). *Educational psychology: Effective teaching, effective learning*. Madison, WI: Brown & Benchmark.

Evans, D., Gruba, P. & Zobel, J. (2011). *How to write a better thesis*. Melbourne Univ. Publishing.

Fakeye, D. O. (2012). Teachers' qualification and subject mastery as predictors of achievement in English language in Ibarapapa division of Oyo State. *Global Journal of Human-Social Science Research 12* (3), 1-6.

Fantilli, R. D. & McDougall, D. E. (2009). A study of novice teachers: Challenges and supports in the first years. *Teaching and Teacher Education 25* (6), 814-825.

Feldman, A., Divoll, K. A. & Rogan-Klyve, A. (2013). Becoming researchers: The participation of undergraduate and graduate students in scientific research groups. *Science Education 97* (2), 218-243.

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E. & Hyun, H. H. (2011). *How to design and evaluate research in education*. New York: McGraw-Hill Humanities/Social Sciences/Languages.

Franzoni, A. L., Assar, S., Defude, B. & Rojas, J. (2008, July). Student learning styles adaptation method based on teaching strategies and electronic media. In *2008 Eighth IEEE International Conference on Advanced Learning Technologies*, 778-782.

Gamoso, C. V. ED. (2018). Pananaliksik, Daan sa Modernisasyon ng Wikang Filipino. *The Varsitarian.*

Gannaban, M. E. (2013). SNS: Isang Estratehiya sa Larangan ng Pagtuturo. *DALUMAT E-Journal, 4(1-2)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6232.

Gitlin, A., & Hadden, J. (2005). Educative research: Acting on power relations in the classroom. *International Action Research*, 82-96. Routledge.

Gregorio, C. C. (2000). Impact of Internal Faculty Development Programs on Teaching Effectiveness: An Assessment. *TIP Research Journal Manila 5 (*1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=9147.

Ingersoll, R. M. & Smith, T. M. (2004). Do teacher induction and mentoring matter?. *NASSP Bulletin 88* (638), 28-40.

Jocson. M.O. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.(1st ed.). Quezon City, Philippines, 63: Vibal Group, Inc.

K TO 12 CORE CURRICULUM GUIDE **–** Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Disyembre 2013

K TO 12 CORE CURRICULUM GUIDE **-** Pagbasa at Pagsusuri ng Ibat't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, Disyembre 2013

Kline, R. B., (2008). *Becoming a behavioral science researcher: A guide to producing research that matters*. Guilford Press.

Komba, W. L., & Nkumbi, E. (2008). Teacher professional development in Tanzania: Perceptions and practices. *Journal of international cooperation in education*, *11*(3), 67-83.

Kothari, C. R., (2004). *Research methodology: Methods and techniques*. New Age International.

Labor, K.L., Hinampas, L.Z., & Agcaoli, E.M., (2016). *Introduskyon sa Saliksik*. Almario, V.S. Manila, Philippines, 63: Komisyon sa Wikang Filipino

Lacanlale, C.R., (2013). Ningas ng Sulo ng mga Natatanging Di-Medyor sa Filipino sa Maalong Dagat ng Pagtuturo. (1st ed.). Pampanga, Philippines, 63: University of the Assumption

Lardizabal, A., Bustos, A.S., Bucu, L.C. & Tiangco, N.G., (1996). *Principles and Methods of Teaching*. Quezon City: Phoenix Publishing House, p.219

Lattuca, L. R., Bergom, I. & Knight, D. B. (2014). Professional development, departmental contexts, and use of instructional strategies. *Journal of Engineering Education*, *103* (4), 549-572.

Liu, E., & Johnson, S. M. (2006). New teachers' experiences of hiring: Late, rushed, and information-poor. *Educational Administration Quarterly*, *42* (3), 324-360.

Miquel, E., & Duran, D. (2017). Peer Learning Network: implementing and sustaining cooperative learning by teacher collaboration. *Journal of Education for Teaching 43* (3), 349-360.

Mishra, P. & Koehler, M. J. (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. *Teachers college record*, *108* (6), 1017-1054

Ngugi, L. N. & Thinguri, R. W. (2014). To establish the extent to which the subject mastery Enhances quality teaching to student-teachers during teaching practice. *International Journal of Education and Research*, *2*(7), 614-648

Norton, L. (2018). *Action research in teaching and learning: A practical guide to conducting pedagogical research in universities*. Routledge.

Ocbian, M. M. & Gamba, M. P. (2015). SSC Graduate Students' Difficulties in Doing Research. *JPAIR Institutional Research Journal 5(1)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=12126.

Oleson, A. & Hora, M. T. (2014). Teaching the way they were taught? Revisiting the sources of teaching knowledge and the role of prior experience in shaping faculty teaching practices. *Higher Education 68* (1), 29-45.

Pathak, R. P. (2008). *Methodology of educational research*. Atlantic Publishers & Dist.

Pena, R. P., M.J. A., Castillo, R. D., Sagun, Camba, A. M., J.G., Adaya P.D.S. & Carpio (2016) Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.(1st ed.). Malabon City, Philippines, 63: Jimczyville Publications

Ramsden, P. (2008). The future of higher education teaching and the student experience. *The Higher Education Academy. Retrieved March*, *30*, 2010

Richards, J. C. (2008). *Teaching listening and speaking*. Cambridge, England: Cambridge University Press.

Roehrig, A. D. & Pressley, M. (2005). Stories of beginning teachers: First year challenges and beyond. *Catholic Education*.

Santiago, A.O. (2003). Sining ng Pagsasaling-wika (Sa Filipino Mula sa Ingles). (3rd ed.). Sampaloc Manila, Philippines, 63: REX Book Store

Squires, A. (2009). Methodological challenges in cross-language qualitative research: A research review. *International Journal of Nursing Studies 46* (2), 277-287.

Tan, E. (2011). "It takes two to tango:" The language of research mentoring. *The Asian Journal of Educational Research and Synergy, 3(1)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=1147.

Timbreza, F. T. (1987). Mga Suliranin at Iba Pang Mga Balakid Sa Paggamit Ng Filipino Sa Pagtuturo. *Malay 6 (1)*. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7717.

Tuckman, B. W., & Harper, B. E. (2012). *Conducting educational research*. Rowman & Littlefield Publishers.

Weinberg, A. E., Trott, C. D. & McMeeking, L. B. (2018). Who produces knowledge? Transforming undergraduate students' views of science through participatory action research. *Science Education*.

Wenderholm, E. (2004). Challenges and the elements of success in undergraduate research. *ACM SIGCSE Bulletin 36* (4), 73-75.

Whitty, G. (2006). Education (al) research and education policy making: is conflict inevitable?. *British Educational Research Journal 32* (2), 159-176

Yinger, R. J. & Hendricks-Lee, M. S. (1998). Professional development standards as a new context for professional development in the US. *Teachers and Teaching 4* (2), 273-298.

Zafra, G.S. (2009).SALIN-SURI: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas. (3rd ed.). Diliman Quezon City, Philippines 63: UP Sentro ng Wikang Filipino.